# *Apocalipsis, Ikaapat Na Kabanata Bahagi I*

Amen. Purihin ang Panginoon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sarili. Sa tingin ko'y 'yan ang saloobin ng maraming tao. Napaka inam, kabataang kapatid na babae riyan, sa huling talata na 'yan. Ako nga'y tunay na nalulugod diyan. At tayo . . . papasok na sa bisperas ng Bagong Taon haya't sa palagay ko'y wala ka nang ibang maaaring awitin na mas mainam pa diyan, na anupa't bagay na bagay para sa gabing ito.

2 Mukha ngang pasisimulan natin ang taon nang maganda; uh-huh, mainam at maniyebe at maputik sa labas, tipikal na panahon dito sa Indiana kapag ganitong bahagi ng taon. Mangyari nga na kayong mga taga-Georgia ay nakikita ko rito, at mga taga-Ohio. Ngayon, Kapatid na Dauch, ikaw at si Kapatid na babaing Dauch ay pamilyar na rito, katulad din kasi sa Ohio. At . . . pero, patungo po tayo sa isang Lupain na wala nang mga ganito. Uh-huh. Yun ang mahalaga.

3 Gabi po ng Bagong taon ngayon, bisperas. At, siyanga't, ang bawat isa'y may panata na isinulat at pangako na gagawin n'yo para sa Bagong Taon, 'yun nga lang pagsapit ng susunod na araw sa kinabukasan haya't ang lahat ng 'yan ay nabali na. At kaya, nalalaman n'yo, bumubuklat kayo ng isang bagong pahina bawat taon, at pagkatapos ay manunumbalik sa kasunod na umaga, gagawin uli 'yun.

4 Pero may isa pong bagay na—na nais kong sabihin, at ito'y katulad ng sinabi noon ni Apostol Pablo, "Nililimot ang mga bagay na nasa nakaraan, lahat ng mga pagkakamali ko at lahat ng mga bagay na nagawa ko, ako'y nagtutumulin sa hangganan sa dakilang pagtawag na nakay Cristo." Yan lang ang tanging panghihinayang na mayroon ako haya't ang mga pagkakamali ko sa nagdaang taon, at mga nagdaang bahagi ng buhay ko, at ako'y tanging nagpapakumbaba na humihiling sa Kanya ng biyaya para makapagpatulin sa hangganan ng dakilang pagtawag. Tiyak ako na 'yan ang patotoo nating—nating lahat, ganoon mismo ang pakiramdam nating lahat.

5 Pasensya na po kung hindi ganoong kaganda ang gabi at—at ang mga tao'y hindi makapunta. At tinawagan ko si Kapatid na Neville, hindi ko alam kung siya ba'y makakapunta rito o hindi. At pagkatapos dumating si Kapatid na Skaggs, at galing pa siya ng Kentucky kung saan mga tatlong talampakan na roon o haya't mainam pa nga rito. At kaya . . . O, "Mga *ganito*," sabi niya, kaya nagpatulong daw siya sa isang magsasaka para

hatakin siya nang dalawang beses at hatakin siya papunta sa ibabaw ng burol gamit ang isang traktora. At kaya sa isip-isip ko, “Buweno, kung dito’y dalawa o tatlong pulgada lang naman, hindi natin alintana ’yun, uh-huh, basta’t mananatiling ganoon.” Haya’t ang mga kalsada’y nadadaanan pa naman at ang lahat ay nakakapagmaneho pa.

6 Ngayon, mangyari nga, ngayong gabi ’yung gabi kung saan makakapakinig tayo mula sa iba’t ibang ministro, sa iba-iba po na mga dumating. At sila marahil ay darating mula sa iba’t ibang lugar ngayong gabi, hanggang maghatinggabi. Sa palagay ko’y itatakda nila at titingnan kung . . . para sa pagsapit ng Bagong Taon . . . sa pagpasok, at ’yung lumang taon ay lilipas. At kadalasan nagpapatawag sila ng pagdulog sa altar at mananalangin at—at magsasabi ng taimtim na pangako sa Diyos at uulitin ang kanilang—kanilang mga panata.

7 Nabanggit ko kay Kapatid na Neville . . . At tinawagan ko siya para malaman ko kung makakarating ba siya. Ang sabi ko kung hindi siya makakapunta, sisikapin ko na magpatuloy sa pinaka mainam kong magagawa. At pagkatapos kung hindi siya makaparito sa umaga, siyanga, ipagpapatuloy ko ang lahat ng magagawa ko habang siya’y—siya’y wala rito. At nabanggit ko sa kanya na magsisikap ako ngayong gabi, iniisip ko nga na marahil maglalahad ako ng labinglimang-minutong mensahe, o parang ganoon. At, siyanga’y nakikita natin na may iba pang mga ministro na nakaupo rito, na naghihintay.

8 Kaya aking . . . sa palagay ko’y sisimulan ko na at ipagpapatuloy ko itong Aklat ng Apocalipsis, tutugaygayin mismo, kukunin ang ika-4 na kabanata ngayon, magsisimula na. At kung di natin matapos sa nakalaan na oras, sa susunod na pagkakataon ay ipagpapatuloy natin. Pagkatapos dadako tayo sa ika-5, at ika-6, at basta’t hanggang sa makakaya natin. Tulungan nawa tayo ng Panginoon na tugaygayin ito.

9 Nais ko pong sabihin, bago tayo magsimula, na mayroong . . . may bumisita kani-kanina mula—mula . . . si Kapatid na Drummond Thom at ang kanyang maybahay. Heto po ang kanyang nanay at tatay na nakaupo rito ngayong gabi. At sila’y kararating lang po mula Aprika kung saan sila’y nagdadaos dun ng dakilang mga gawain ng pagliligtas-ng-kaluluwa at mga gawain ng Makalangit na pagpapagaling. Ang munting binibini po rito’y humalili, sa palagay ko, sa lola niya, noong isang araw, at nagkaroon ng gawain sa bilangguan, at ang mga makasalanan ay lumapit sa Panginoon, at lahat. Kahanga-hanga po talaga kung papaanong ginagamit ng Diyos ang kabataang mag-asawa na ito. Nandito po sila sa Amerika ngayon nang kaunting panahon para makapag-ebanghelyo.

10 Kung mayroon sa inyo na mga pastor . . . Nais kong sulatan si Kapatid na Drummond ng isang . . . Drummond po, aking,

siyanga, napaghahalo ko ang pangalan na 'yun lagi. Bakit hindi na lang kaya siya kumuha ng mas madaling Ingles na pangalan at kalimutan na ito? Bigyan na lang natin siya ng numero, anong masasabi n'yo, dahil hindi ko po mabigkas maigi, hindi nga. Sa palagay ko'y kalahati sa atin ang hindi rin 'yun mabigkas nang maigi. "Drummont," sa palagay ko, ang tamang paraan ng pagbigkas dito; at si Kapatid na babaing Charlotte. Kung mayroon pong ilan sa inyo na nais silang maimbitahan, gustung-gusto ko po talagang mabalitaan na sila'y makakabisita sa inyong simbahan.

11 Ang binibini na ito, itong si Kapatid na babaing Charlotte, siya'y kabataan lang po. Nagpapatotoo siya roon kanina, kay Meda, tungkol sa karanasan nila sa Aprika, at sinasabi ko sa inyo na ito nga'y. . .Billy, talagang pinanunumbalik nun uli ang mga dating panahon; nauulinigan ko ang pagsasalita ng Afrikaans. At kaya ang pakikipagbaka ay nasa dako roon at ganoon din dito.

12 Kung mayroon po sa inyo na nais maimbitahan si Kapatid na Drummond para sa isang. . .at si Kapatid na babaing Charlotte, para sa isang gawain sa kanilang iglesya, kung mamarapatin n'yo, tawagan n'yo lang si Kapatid na Tony Zabel doon sa MElrose 7-3945. Sige't kung gusto n'yong ilista, ilan sa inyo na mga ministro, nirerekomenda ko talaga si Kapatid na. . .Dahil mainam na mangangaral siya, sinserong lalaki, na kailangan talaga ng isang pasimula, makapagsimula sana. At siya'y matapang, matapat na lalaki, at gustung-gusto ko siya. Ngayon, tandaan n'yo lang, MElrose 7-3945. At iiwan ko ang munting kard dito, baka sakaling inyong. . .Yan po ang kard nila, at mangyari na kung hindi n'yo mailista ang numero nila, buweno, puwede kayong pumunta rito at kunin ito, o maya-maya pagkatapos ng intermisyon sa pagitan ng iba't ibang gawain para sa gabing ito. At kunin n'yo lang ang numero nila at tawagan sila kung nais n'yong imbitahan sila sa inyong mga simbahan para sa isang pagtitipon, o baka may kakilala kayo na nais silang imbitahan, dahil sila'y nagkrukrusada po sa buong Amerika.

13 Hindi ba't nakakabilib 'yun? Ang Aprika pa ang nagpapadala ng mga misyunero rito sa Amerika! Ito po ang lugar na kailangan na kailangan sila, dito mismo, mas malala pa nga rito kaysa roon.

14 Kaya ilan po ang nagagalak at masaya na kinaawaan kayo ng Panginoon nang isa na namang taon? At heto nga tayo, papasapit na sa dulo ng daan. At idinadalangin ko po na patawarin tayo ng Diyos sa lahat nating mga pagkakasala at ating mga pagkukulang.

15 Ngayon, nais kong sabihin ito bago ako magsimula. Ako'y humihiling, para sa bawat isa sa inyong lahat, ng pinaka

matagumpay at mapagpala at malusog na bagong taon na mahihiling ko para sa inyo. Sumainyo ang Diyos! Nawa kayo'y lumago sa pisikal, at sa espirituwal, at sa pinansyal, at sa materyal. Lahat na ng bagay na maipagkakaloob sa inyo ng Diyos, dalangin ko na Kanyang gagawin ito.

16 Ngayon ako po'y kumakaharap sa isang bagong taon, mismo, Diyos lang ang tanging nakakaalam kung anong naghihintay sa hinaharap. At ang ating mga desisyon ay kinakailangan na maipasya agad-agad. Naimpake na namin ang lahat naming mga kagamitan. Si Kapatid na Jim, kanyang naihanda na ito ngayon, dahil sa mga imbitasyon at mga bagay-bagay mula sa iba't ibang panig ng daigdig, buong mundo mismo; para makita kung saan tayo pangungunahan ng Panginoon. At talagang humihiling ako ng pananalangin mula sa inyo, na manalangin nang buong puso n'yo na hindi pahintulutan ng Diyos na ako'y maligaw. Ako—ako . . . O anumang bagay na naisin ko, ay maging tapat mismo at hindi kailanman maligaw. At ngayon, ako'y nagtamasa ng mainam na taon.

17 Maraming beses, na mali ang pagkakaintindi ng mga tao. At may mga pagkakataon na sinasabi nila, "Kapatid na Branham, ika'y—ika'y . . . hindi ka na tumutungo sa iba't ibang lugar gaya ng ginagawa mo noon, at gaya ng ginagawa ng ibang mga ministro, at kakamtin ang lahat ng . . ." Akin—akin pong natutunan ang isang bagay, na natutunan ko ang isang aral mula sa Biblia at mula sa ating Panginoon, na si Jesus ay hindi isang pakitang-gilas na tao. Wala Siya—wala siya nun, wala Siyang pakitang-gilas. Kita n'yo, hindi nga Siya isang pakitang-gilas na tao, siyanga. At naniniwala ako na ang Kanyang mga alagad ay hindi rin mga pakitang-gilas. Kailanman ay hindi nila itinanghal ang sarili nila na mga pakitang-gilas na tao.

18 Diyan ko nga naiisip na napapalampas natin ang bangka sa tuwina sa panahon ngayon, (Marahil sariling kaisipan ko lang ito.) na, may mga pagkakataon na itinatanghal natin nang magarbo ang lahat, alam n'yo kung bakit, sa palagay ko nga'y parang nagiging palabas na lang kaysa sa kabanalan.

19 Napansin n'yo ba noong pumarito ang Panginoon, sa kanila na mga tunay na tumanggap sa Kanya? Si Simeon, wala ngang nakakakilala sa kanya, pero kanyang hinahanap mismo ang Panginoon. Ganoon din si Anna, sa may templo. Si Juan Bautista, sa ilang. At sila . . .

20 Nagtungo si Juan sa ilang noong siyam na taong gulang siya, hindi na nagpakita hanggang naging trenta na siya; doon mismo sa ilang. At mga kalalakihan sila na lingid na naniniwala, at nananatiling mababa, kanilang hinihintay ang pagparito ng Panginoon. At hindi nila itinatanghal nang magarbo ang kanilang mga pagtitipon at magpapamalas ng magarbong mga tanda ("Ang oras! Ang panahon!") at—at may

pagsasahimpapawid sa telebisyon at lahat na. Ayos lang 'yan sa mga nagnanais na gawin 'yan sa paraan na 'yan, pero, sa akin, parang hindi na pamamaraan ni Cristo.

21 Alam ko na isang beses ay sinabi sa Kanya ng Kanyang mga kapatid, ang sabi, "Gumagawa ka ng mga himala't mga bagay-bagay, bakit hindi Ka magtungo rito sa—sa Jerusalem? Tapos dadalo tayo sa kapistahan ng Paskwa, tatawagin nila roon si Caifas na punong saserdote, at lahat sila roon, at ipapaalam Mo mismo sa kanila. Itatanghal ito sa harapan nila nang tulad nun, para makita nila ang Iyong mga gawa. At ngayon, kita Mo, ano bang ginagawa Mo't nag-aaksaya ka ng panahon kasama ang isang grupo ng mga mangingisda, at kung sino pa, diyan sa ilog, at diyan sa mabababang uri ng tao? Ano. . . Bakit hindi Ka magtungo rito at ipakita ito sa mundo?" Kita n'yo?

22 Ang sabi ni Jesus, "Ang oras ninyo ay sa tuwina, ang oras Ko ay hindi pa dumarating." Uh-huh. Kita n'yo?

23 Si Juan isang beses. . . si Juan Bautista, ipinangusap mismo ng—ng Mga Kasulatan ang tungkol sa kanyang pagdating. At sabi, "Sa pagdating niya, ang. . ." Anupa't, nagsaysay si Isaias, mga pitong daan at labing-dalawang taon bago ipanganak si Juan, "May isang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang." At sabi, "Lahat ng mga bundok ay magsisilukso na parang mga mumunting kordero, lahat ng mga dahon ay ipapalakpak ang kanilang mga kamay, at ang matataas na dako'y pabababain, at ang mabababang dako ay patataasin."

24 Ganoong mga propesiya mismo! Ano sa palagay n'yo ang iniisip ng mga ministro noong panahon na 'yun. . . Sa tuwing mababasa nila Yun, marahil sinasabi nila, "Grabe! Kapag dumating ang dakilang propeta na 'yun, lahat ay makikilala siya. Ilaladlad mismo ng Diyos ang mga kulandong ng langit, ang mga pasilyo ng Langit ay ibababa mismo, isang karwaheng apoy ang bababa, isang pulutong ng mga anghel ang maghahatid sa kanya sa lupa."

25 Ano nga't noong dumating siya, isa siyang balbasin na mangangaral na kapirasong balat lang ng tupa ang nakasaplot sa kanya't suot, na may kapirasong balat ng hayop bilang sinturon. Marahil hindi naliligo; kada tatlo o apat na buwan lang. Na galing sa ilang, ay lumitaw, nakatayo roon sa putik, na hanggang tuhod, nangangaral, "Magsisi kayo, dahil ang Kaharian ng Langit ay napipinto na!" Hindi pa siya kailanman nakapunta sa mga siyudad. Kung mayroong nagnanais na mapakinggan siya, sila'y nagtutungo mismo sa Jordan para mapakinggan siya, sila na mga nagnanais. Ano itong ginawa niyang ito? Kanyang inuga ang bansa, inuga niya ang mundo.

26 May nangyayaring pag-uga na ang mga tao'y walang nalalaman na anuman tungkol dun. Noong dumating si Jesus, hindi Niya itinanghal ang Kanyang Sarili na kabilang sa mga

dignitaryo't matataas. Siya'y dumating sa Sariling Kanya, Siya'y dumarating sa kanila na naghihintay sa Kanya. Diyan nga dumarating ang pag-uga. Yan na 'yan ang ginagawa Niya sa panahon ngayon. Dumarating ang Espiritu Santo sa kanila na mga tinawag ng Diyos. May nagaganap mismo na malaking pag-uga sa kalagitnaan ng mga Hirang. Dakila't, makapangyarihang bagay na nagaganap, pero hindi ito namamalayan ng mundo.

27 Ang iniisip kasi nila'y, itong lahat na mga magagarbo't mabulaklak na mga bagay, at pambuong-mundong pagsasahimpapawid, at pagtetelebisyon, at milyong-dolyar na mga gusali, at lahat, na 'yan daw ang mga bagay na nagaganap na dakila. Yan nga'y kahangalan sa paningin ng Diyos. Ang Diyos ay hindi tumitingin sa malalaking bagay. Ang bagay na tinatawag ng tao na "kamangmangan," tinatawag ng Diyos na "Dakila"; ang ang bagay na tinatawag ng tao na "dakila," tinatawag ng Diyos na "kamangmangan." "Nakalulugod sa Kanya, na sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral, ay naliligtas ang mga naliligaw."

28 Ngayon, si Juan. Ano kaya sa palagay n'yo ang sinasabi nila noon? "May gusgusin na panatiko roon, gusgusin na balbasing lalaki, lumitaw sa ilang na ang suot ay balat ng tupa na nakasaplot sa kanya. At, aba, nakatayo siya sa putikan, na walang suot sa paa, doon sa dako na 'yun ng Jordan, at nagsasalita-salita nga roon. Sinong nakarinig na ng ganoong bagay?"

29 Noong dumating si Jesus. "Isang Mesiyas daw, ang ipinanganak doon sa sabsaban, sa ibabaw ng tumpok ng dayami, at—at ang mga baka'y umuunga raw dun? At—at sinasabi n'yo ba na ang nanay. . . Ilehitimo pa nga, dahil ang kanyang tatay. . . Ang nanay Niya ay nagdadalantao na bago pa maikasal, aba, Siya'y ipinanganak na ang Kanyang mga magulang ay hindi pa ikinasal. Yung taong 'yun?" Oh, naku! Kita n'yo? Pero Ito nga'y Dakila, hindi lang nila Ito nalalaman. Kita n'yo? Hindi nila Ito nalalaman.

30 At ganoon din ito sa Ebanghelyo ngayon na "Dakila." At ang Ebanghelyo'y nang-uuga na gaya ng hindi pa Ito nang-uuga noon, pero Ito nga'y umuuga sa mga nalabi. Ganoon nga, inihahanda na sila.

31 "Siya'y dumating para sa Sariling Kanya, ang Sariling Kanya'y hindi Siya tinanggap." Sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, "Huwag kayong dumako sa daan patungo sa mga Gentil, bagkus ay magtungo kayo sa mga naliligaw na tupa ng Israel. At, sa paghayo n'yo, ang tao na tatanggap sa inyo ay tumatanggap sa Akin. Kapag pupunta kayo sa isang bayan, sila na mga hindi tatanggap sa inyo, ipagpag n'yo ang alikabok sa inyong mga paa at umalis na. At katotohanang sinasabi Ko sa inyo, higit pang mapapagtiisan ang Sodoma at Gomorra sa araw

ng paghuhukom kaysa sa bayang yaon." At bawat isa sa mga bayan na 'yun na tumanggi sa kalalakihan na 'yun ay nakabuwal na sa mga abo ngayon. Bawat isa naman na tumanggap sa kanila, ay nananatiling nakatayo na gaya sa isang tore. Ganoon nga, kita n'yo. Matagal bago matugunan; pero ang Diyos ay tumutugon, huwag kayong mag-alala. Naku't kung uumpisahan kong talakayin 'yang isang 'yan ngayon, hindi ako makakadako rito sa Apocalipsis. Oh!

> Oh, nais kong makita Siya, tingnan ang Kanyang mukha,
> Doon ay aawit kailanman tungkol sa nagliligtas Niyang biyaya;
> Sa mga lansangan ng Kaluwalhatian ang tinig ko'y aking itataas;
> Kapag ang mga alalahanin ay lumipas na, at sa wakas ay nasa tahanan na't, magbubunyi magpakailanman.

32 Gustung-gusto ko 'yan. Sige't iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali. Nais n'yo bang tumayo bago kayo yumuko? Sa palagay ko—sa palagay ko. . .Sinabi ng Biblia, "Kapag kayo'y tatayo, manalangin, magpatawad." Ilan po ang may kahilingan na nais n'yo lamang ipaalam sa pamamagitan ng pagtataas ng isang kamay? Alalahanin n'yo, nakikita ito ng Diyos, nalalaman Niya ang lahat ng tungkol dito.

33 Makalangit naming Ama, kami'y dumudulog sa Iyong Makalangit na Kabanalan sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ang buong-kasapatan na Pangalan na ibinigay rito sa gitna ng mga tao, na maging ang mga pamilya sa Langit at sa lupa'y pinangalanang lahat na "Jesus."

34 At dalangin namin, Panginoon, na Iyong tatanggapin ang aming pagpapasalamat. Unang-una, bilang pasimula, ang taon na ito na palipas na. . .habang tinatapos ito ngayong gabi sa gawain, tinatapos ito na nagbibigay papuri, pinag-aaralan ang Iyong Salita at nalalaman ang ibig pakahulugan ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Napakarami pong mga bagay ang maisusulat namin sa papel na dapat pasalamatan! Ang halos, muntik-muntikan nang pag-alpas na nadaanan namin sa taong ito, kung saan maaari na sanang sinakal ni Satanas ang aming buhay, pero Ikaw po'y hindi pa tapos sa amin. Kaya kami'y nagpapatuloy pa rin. Naniniwala kami, Panginoon, na kami'y ipinanganak mismo at binuhay sa mundong ito para Ika'y bigyang karangalan at luwalhatiin.

35 At dalangin namin, Ama, na Iyong patatawarin kami sa bawat kasalanan at bawat pagkakamali na aming nagawa sa paglalakbay na ito. Nawa'y mawala na sa aming diwa ang aming mga kamalian ngayong gabi habang ipinagtatapat namin ang mga ito, ibinabaon ang mga ito sa Dagat ng Pagkalimot,

sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na hindi na kailanman huhukayin pa ang mga ito uli; bagkus ngayon ay nagtutumulin tungo sa hangganang ito, tungo sa sakdal na Lalaking ito, si Cristo Jesus. Iyo pong ipagkaloob ito ngayong gabi, Ama.

36 Habang ang Iyong mga lingkod ay mangungusap, bawat isa sa kanila, nawa'y pahiran Mo sila ng Espiritu ng Buhay, at nawa'y makapangaral sila nang hindi pa nila nagagawa kailanman, at ihatid ang mga mensaheng ito sa iglesya ngayong gabi.

37 At kami po'y nagkakatipon sa ilalim ng munting bubungan na ito, na kami'y lubos na nagpapasalamat, Panginoon. Kami'y nagpapasalamat na mayroon kaming mainit na apoy na kami'y makakaupo sa tabi nito, dahil kahit bubungan lang sa ibabaw ng aming ulo, 'yun pa lang ay sapat na.

38 Dahil ang aming mga kayamanan ay hindi sa sanlibutan na ito, iyon nga'y sa mundo na parating. Diyos, kami'y naglalagak doon kung saan naniniwala kami na walang magnanakaw na makakapanloob at makakapagnakaw, at hindi sisirain ng insekto, dahil ang aming mga kayamanan ay Buhay na Walang Hanggan. At dalangin namin, Ama, na Iyong ipahihintulot na aming pahalagahan 'yun sa lahat ng mga araw ng aming buhay.

39 Iyo pong ibunsod kami na maging karapat-dapat na mga lingkod. Iyo pong alisin ang lahat ng kasamaan na nasa amin, Panginoon, lahat ng nakaraan. Ilagak ito . . . Nawa ang lahat ng mga ugat ng masamang hangad at lahat ng kapaitan ay maalis na mula sa aming buhay, na kami'y maging mapagpakumbaba at kalugud-lugod sa harapan Mo. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong itulot na magtamasa kami ng pinaka mainam na taon na hindi pa namin nararanasan, sa parating na taon na ito. Iyo pong ipagkaloob ito. Iyong ipagkaloob sa amin ngayon, sa gabing ito, ang Iyong Salita habang kami'y patuloy na naghihintay sa Iyong mga mensahe. Sa Pangalan ni Jesus ay kami'y dumadalangin. Amen. Maaari na kayong makaupo.

40 Ngayon, medyo nahihirapan akong aninagin 'yung orasan diyan, at ayaw kong paghintayin ang aking mga kapatid, kaya sisikapin ko na magmadali hangga't maaari at tapusin ang bahaging ito. At, marahil, kung di natin matapos, kung ganoon ay bukas ng umaga ay sisikapin nating ipagpatuloy marahil, kung loobin ng Panginoon. At pagkatapos kung hindi makapunta rito si Kapatid na Neville, o anuman, buweno, kung ganoon ay sisikapin ko, loobin ng Panginoon, na makaparito para ganapin ang gawain ng Sunday school.

41 Ngayon, huwag n'yong kalimutan ngayon:

> Manalangin, manalangin, ang paraang natatangi
> . . . ang matataas na dako'y abutin;

Manalangin, manalangin, ng pananampalatayang panalangin
Na siyang sa mga pagpapala ng Diyos sa ati'y dadalhin.

42 Yun lang ang tanging paraan na magagawa n'yo 'yun. Sige't awitin natin ito nang sama-sama. Heto na ang Bagong Taon ngayon, marami pa tayong oras.

Manalangin, manalangin, ang paraang natatangi
Para ang matataas na dako'y abutin;
Manalangin, manalangin, ng pananampalatayang panalangin
Na siyang sa mga pagpapala ng Diyos sa ati'y dadalhin.

43 Kaya kung ang panalangin ng may pananampalataya ang siyang nagdadala ng mga pagpapala ng Diyos, tayo'y magpatuloy mismo sa pananalangin. Labis akong nagagalak, ngayong gabi, na may mga bagong mukha tayo sa Kaharian ng Diyos na mga wala rito noong nakaraang taon. At ako'y, patuloy na nananalangin na marami't marami pa ang madagdag sa tuwina. At kalahati ang hindi pa nasasaysay kung anong magiging sa kabilang ibayo.

44 Ngayon, tayo'y bumuklat sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis. Mayroon po ba riyan na nangangailangan ng Biblia? Mayroon po tayong mga Biblia rito kung gusto n'yo pong makasunod sa pagbabasa natin. Sige, isa sa mga usher ang pupunta riyan ngayon, mayroon po tayong isang buong salansan ng mga Biblia rito. Sige't isa sa mga tagapangasiwa, mga usher, o kung sino, dumako lang dito nang madali. Kapatid na Zabel; sige't lumapit lang ang isa, pa. Maaari n'yong paghatian ang dalawang panig, at tayo'y dadako lang dito sa gitnang pasilyo. At kung sinuman ang nais ng Biblia, para makasunod sa ating pagbabasa, sige, dalhin n'yo lang ang mga ito sa kanila at abutan ang may gusto.

At nais nating bumuklat kayo ngayon sa Apocalipsis, sa ika-4 na kabanata.

45 At, ngayon, kung nakaupo po kayo sa likod at gusto n'yong lumipat sa harap dito, marami pa po ang bakante ngayong gabi kaya puwede po kayong lumipat sa harap. At maging kumportable lang kayo, at dadako na tayo sa aralin at tulungan n'yo akong basahin ito, at pag-aralan ito nang sama-sama. Mayroon pa pong mga upuan dito. Nakikita ko ang dalawa na lumilipat. At heto pa po ang dalawang upuan dito. Heto naman ang isa pa para sa nag-iisa riyan dito. At sa likod din dito, mayroon pa pong mga upuan dito. Sa palagay ko naman ay maaabot kayo riyan ng mainit na hangin.

46 At ngayon, ilan po ang nalugod sa aralin natin nito-nito lang, ’yung ikawalong araw na aralin nating tungkol sa *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*? Salamat. Nakakalugod sa pakiramdam, dahil ako man ay nakatanggap ng dakilang pagpapala mula sa mga ito.

47 Ngayon, sa gabing ito sa ika-4 na kabanata, tayo po’y uusad na ngayon, si Juan ay nangusap sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. At, sa Kapanahunan na ito ng Iglesya ng Laodicea, ito nga ang pinaka magulong kapanahunan ng iglesya sa lahat ng mga ito.

48 At nasumpungan nga natin ang pinaka kalunus-lunos na bagay na huling bahagi ng Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, na si Jesus ay nakatayo sa labas ng Kanyang Sariling iglesya kung saan Siya pinalabas, kumakatok sa pintuan, sinusubukang makabalik sa loob. Hindi ba’t napakasama nun? Iniisip ko nga na isa ’yan sa pinaka kalunus-lunos na mga Kasulatan na nabasa ko. Si Jesus, na nasa labas ng Kanyang Sariling pinto, at ang Kanyang iglesya’y pinalabas Siya, at sinusubukan Niyang makabalik uli sa loob para sila’y mailigtas lamang. “Sinumang tao ang magbukas, na pababalikin Ako sa Sarili Kong bahay, Ako’y sasalo kasama siya at siya’y kasama Ko.” Hindi ba’t isa ’yang. . .hindi ba’t kalunus-lunos ’yan? Ang Diyos ng Langit, ay pinalabas ng Kanyang Sariling iglesya, dahil sa kanilang mga kredo’t mga denominasyon at bagay na ginagawa nila. Inilagay ang mga ’yun sa labas. . .pinalabas Siya ng iglesya, ang mga kredo nila ang kanilang tinanggap.

49 Ganoon na ganoon nga ito sa panahon na ipinako si Jesus sa krus. At ’yun ’yung sandali na ang tinanggap nila ay si Barrabas, isang mamamatay-tao, at si Jesus ang ipinako sa krus. Pinakawalan ang isang mamamatay-tao sa kalagitnaan nila, na napatunayan nang “isang mamamatay-tao,” at tinanggap. . .at itinakuwil si Jesus Cristo, ang tanging Isa na makapagbibigay sa kanila ng Buhay.

50 At ganyan na ganyan sa bawat denominasyon, at sa Pentecostal na denominasyon, na ginagawa nila ngayon. Nakita nila na ang mga denominasyon na ito’y namatay agad-agad noong sandali mismo na napaging denominasyon sila. Wala kahit isa kailanman (sa—sa mga pahina man ng kasaysayan) na napaging denominasyon at nakagawa ng anumang bagay kundi ang mamatay agad-agad. Lahat ng mga tanda, mga kababalaghan, at mga kaloob ay lumisan sa kanila, at lahat na mismo, agad-agad noong maging denominasyon sila. At sa halip na tanggapin ang Panginoong Jesus para pagkalooban sila ng Buhay, sila’y diretsong nagtungo roon at pinakawalan si Barrabas sa kalagitnaan nila muli. Hindi ba’t kakila-kilabot ’yun? Hindi na nakapagtataka na ang Diyos ay pinalabas mismo mula sa Kanyang iglesya, at nakatayo roon,

kumakatok, sa huling kapanahunan ng iglesya, na sinusubukang makabalik muli.

51 Ngayon, nasumpungan natin na ang Apocalipsis ay nahahati sa tatlong bahagi. Ang una'y ang unang tatlong kabanata, na pumapatungkol sa Iglesya, ang Mensahe, ang anghel . . . sa mga anghel ng Iglesya. At mula . . . At pagkatapos ang Iglesya'y nawala roon sa ika-3 kabanata, hindi nagpakita uli hanggang sa ika-19 na kabanata, haya't sa ika-19 na kabanata ay nagbalik Siya. Sa pagitan ng panahon na ito, ang Diyos ay nakikitungo sa mga Judio. Pagkatapos, mula roon, ito'y sa pagitan ng pagdating ng dakilang siyudad ng Jerusalem, at ang—ang pagtatatak ng bayang Israel, at mga bagay-bagay, sa huling panahon.

52 Ngayon, sa gabing ito aalis na tayo . . . Pagkatapos na pagkatapos nito, nakita ni Juan . . . Sa pulo ng Patmos . . . Ilan po ang nakakaalala kung gaanong kalayo ang Patmos mula sa . . . mula sa dalampasigan? Gaanong kalayo po 'yun? Mga nasa tatlumpung milya, siyanga, mula sa baybayin. At gaanong kahaba ang palibot mismo ng Patmos? Naalala n'yo po ba ang ilang sa geograpiya? Mga nasa labing-limang milya ang paikot nun. At ginagamit 'yun bilang pagpapapatapon ng mga Romano, inilalagay ang mga bilanggo roon. At si Juan ay naroon dahil sa anong kadahilanan? Anong ginawa niya? Siya ba'y—siya ba'y nagnakaw ng kung anong bagay? Hindi. Siya ba'y . . . Inilagay ba nila siya roon dahil ginagambala raw niya ang mga tao at . . . o siya ba'y gumagawa ng isang bagay na masama? Hindi. Anong dahilan at naroon siya? Dahil nga sa Salita ng Diyos at dahil sa kanyang patotoo, dahil sa pangangaral ng Ebanghelyo.

53 At may bagay ba na maaaring mangyari sa isang Cristiano na 'yun nga'y hindi sa pinaka mainam na kapakinabangan? Hindi, hindi, hindi. Kaya anong dahilan at pinadako siya roon ng Diyos na mag-isa sa isla? Ang maibigay nga sa atin ang Aklat ng Apocalipsis. Kita n'yo, maitatakip nga ng Diyos ang lana sa ibabaw ng mata ng diyablo anumang oras na naisin Niya. Hindi ba't magagawa Niya? Magagawa nga Niya. Akin nga Siyang iniibig mismo. Dahil, hindi ko kailangang maging matalino, kita n'yo. Ngayon, kung ako'y matalino, sisikapin kong kalimutan ang lahat ng ito dahil alam ko na walang sinuman ang maaaring maging mas matalino pa sa Kanya. At kaya ako'y—ako'y sadyang . . . Anumang mayroon ako, aking isinusuko ang aking sarili sa Kanya at sadyang ginagawa ang bagay na sinasabi Niya na gawin. Ganoon nga. Kung minsan ito'y lubos na kontra sa paraan ng pag-iisip ko tungkol dito. Pero alam ko, kung Siya ang nangunguna rito, Siya'y matalino. Alam Niya ang ginagawa Niya, ako nga'y hindi. Kaya ipinapaubaya ko sa Kanya na gawin ito, kita n'yo, pagkatapos ito'y sadyang . . . ito'y mainam. Kita n'yo? Kaya ipinapaubaya ko sa Kanya na gawin ito. Ganoon nga, Kapatid na Neville. Siyanga, po, sadyang ipinapaubaya sa Kanya na gawin ito. Kita n'yo? Kanya Mismong nalalaman

kung anong ginagawa Niya, ako nga'y hindi. Kita n'yo? Kaya hindi ko tinatangka na magkaroon nitong anumang magagarbo't mabulaklaking mga bagay-bagay. At ipinapakumbaba lang ang sarili ko, at sinasabi, "Heto ako, Ama, anumang oras na ako'y nais Mo." Kaya magpapatuloy nang ganoon at ito'y lumalabas na tama sa tuwina.

54 Kaya, si Juan, hindi sana tayo nagkaroon ng isang—isang Aklat ng Apocalisis kung hindi kay Juan, at kung si Juan ay hindi rin naparoon sa pulo. Yun ang pamamaraan ng Diyos para ibigay sa atin ang Aklat ng Apocalipsis. Naroon siya, sa palagay ko, nang mga tatlong taon, at doon sa Aklat . . . doon isinulat ang Aklat ng Apocalipsis.

55 Ngayon, mangyari nga noong iwan natin siya sa huling paanyaya, doon sa ika-22 talata ng ika-3 kabanata, "Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya."

56 Ngayon, simulan natin ang ika-4 na kabanata:

> *Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang pintong bukas sa langit: at ang unang tinig na aking narinig . . . na gaya ng sa pakakak na nakikipagusap sa akin; ay sa isang nagsasabi, Umakyat ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na dapat mangyari sa haharapin.*

57 Tatalakayin po natin Ito nang talata sa talata. At marami po akong mga Kasulatan na nailista rito, isang kuwaderno nga ng mga ito, at hindi ko alam kung gaanong kalayo ang mararating natin ukol Dito. Nawa'y pangunahan tayo ng Panginoon. Ngayon, masdan, ang Salita ay:

> *Pagkatapos* ng mga bagay na ito (pagkatapos ng kapanahunan ng Iglesya) . . .

58 At lahat ng ito sa hinaharap, ngayon, ay pumapatungkol, ay ang mangyayari sa lupa pagkatapos ng Pag-agaw sa Iglesya. Kita n'yo, pagkatapos ng Pag-agaw. Ito'y babalik na para makipag-ugnay sa Israel. Pagkatapos ng kapanahunan ng Iglesya, matapos ang mga kapanahunan ng Iglesya, at sila . . . Ang Iglesya ay hindi na uli magpapakita hanggang sa ika-19 na kabanata ng Apocalipsis sa panahon na babalik na Siya kasama ang Kanyang Nobyo. Purihin ang Diyos dahil sa Kasalan na 'yun!

59 Sige't basahin natin 'yan. Nais n'yo bang basahin ang mga Kasulatan na ito habang nagpapatuloy tayo? Sige. Bumuklat tayo sa Apocalipsis 19. Sige, po, Apocalipsis 19. Simulan natin sa ika-7 talata, Apocalipsis 19. Ito'y panahon na ang Iglesya'y lilitaw uli, hindi uli magpapakita hanggang doon na sa ika-19 na kabanata.

> *Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin: sapagka't dumating ang*

*pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa* ay *nahahanda na.*

60 Oh, akin—akin ngang maipapangaral 'yan hanggang hatinggabi at di pa rin 'yun makakalahati. Tingnan n'yo, "Ang kanyang asawang babae'y inihahanda na ang Kanyang Sarili."

61 Charlie, Nellie, at lahat kayo, kagaya ng pinag-uusapan natin, doon, at ni Rodney, noong isang araw. Kita n'yo? Noong ihagis ni Eliseo ang damit na 'yun kay Elias. . . O ni Elias na maisuot 'yun kay Eliseo; umabot nga siya at hinubad 'yun, at isinuot 'yun sa kanyang sarili at lumakad na sukbit-sukbit 'yun hanggang sa makatawid siya ng Jordan, at nagtungo sa bundok at pumaitaas sa karwahe, inihulog 'yun.

62 Kapag ang isang Cristiano'y naligtas sa una, ang kanyang mukha ay nakatuon kay Cristo, pagkatapos may bagay siya na gagawin nang sarili niya. Kinakailangan nga niya, ang kasunod na bagay, ay papaging banalin ang sarili niya mula sa lahat ng di-malinis na mga asal, "itabing walang liwag ang bawat pasan, na inihahanda ang Kanyang Sarili. Ang Nobya nga'y inihahanda ang Kanyang Sarili!"

63 Naalala ko ang isang munting kuwento, babanggitin ko lang ito bago tayo magpatuloy. Dito sa Kanluran, may katagalan na, maraming taon na ang nakalipas, may malaking kompanya po na Armour and Swift Packing Company. Ang ginagawa nila, nagtutungo sila roon at bumibili ng mga baka at bumibili ng mga rantso. At nagkakahalaga 'yun ng maraming pera, at binibili nila ang lahat ng maliliit na mga rantso, at nagkaroon sila ng milyun-milyon na hektarya ng rantso na gaya nun, kung saan pinapatakbo nila itong malalaki't, maiinam na mga bakahan ng Hereford sa iba't ibang bahagi nun. May sariling. . . Sarili nila 'yung mga riles nila't mga bagay-bagay na naghahatid nung mga baka mula sa isang pastulan patungo sa isa pa.

64 At ang Armour and Swift nga ay may malaking rantso, at isang araw may isang kapatas na naroon, 'yung superintendent, siyanga, ng rantso, siya'y may apat o limang anak na babae. At nabalitaan nila na isa sa mga kilalang magkuyang Armour ang. . . o, hindi po magkuya, kundi mga anak na lalaki, ang bibisita sa rantso. At siya'y isang—isang kabataan, na lalaking walang asawa. At lahat ng mga kadalagahan doon ay sisiguraduhin na maaakit nila ang kabataang lalaki na ito kapag siya'y—siya'y dumating na. At kaya lahat sila'y nagsipaghanda at sinisiguradong handa ang lahat sa pagdating niya.

65 Kapag makarating na roon ang binatilyo, kanilang sasalubungin siya at para pong nasa lumang panahon pa, hayan ang mumunti nilang mga kasuotan, na may palawit, at .44 sa magkabilang balakang, at 'yung mga sumbrero na 'yun na nasa likuran ng kanilang ulo, alam n'yo. At sila nga'y magmimistulang mga tubong kanluranin, at bawat isa sa mga

kadalagahan ay makukuha . . . Isa sa kanila ang makakakuha sa binatang ito.

66 At mayroon silang—silang munting pinsan dun na ang nanay nito'y patay na't ang tatay nito'y patay na. Isa siyang pinsan, at halos alila ang turing sa kanya ng lahat ng naroon. At lahat ng gawaing nakadudumi, siya ang kailangang gumawa nun, ang paghuhugas ng mga pinggan at lahat na. At wala siyang sariling damit, ang sinusuot niya'y mga napaglumaan at . . .

67 Kaya noong dumating 'yung oras na 'yung binata'y dumating, nagsisakayan sila sa kanilang karitela at, nagtungo, nagpunta mismo sa istasyon para salubungin siya. At nagpaputok sila ng baril, at ang mga kabayo'y nagsisihalinghing, at lahat na. At sinundo nila siya papunta sa rantso. At nung gabi'y nagdaos sila ng malaking sayawan. At nagsipuntahan sila roon sa mga bunton ng dayami at bakod ng kural, at sila'y—sila'y nagkantahan at sila'y nagsipagsayawan, at buong gabi mismo. Nandun ang binata nang dalawa o tatlong araw.

68 Ang munting pinsan na ito . . . Ngayon, ihahambing ko po ito sa isang bagay ngayon. Ang mga pinsan natin na nadadamitan nang husto, malalaking tulis at maiinam na mga bahay-sambahan, at mistula ngang kung may maruming pangalan ay sa mga pentecostal kaagad-agad ibibigay, kapag bagay nga na mali. Sila man ay nakakagawa rin ng mali, pero wala kayong maririnig tungkol dun, kita n'yo. Medyo may pagka-primera klase sila, kaya sila . . . wala kayong maririnig na anuman tungkol dun. Pero hayaan n'yo nga na Pentecostal na ministro ang magkamali isang beses, at, kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, ibabalita nila 'yun sa buong bansa sa bawat diyaryo. Siyanga, po. Hayaan n'yo na isang pentecostal na kapatid ang manalangin para sa isang bata, at ang bata'y mamatay, bawat diyaryo sa bansa'y ibabalita ito, "Ang Makalangit na Pagpapagaling Ay Panatisisimo."

69 Buweno, kung ganoon ay bakit hindi rin ilathala sa pahayagan ang bawat kasong pagkamatay na ang doktor ang bigo? "Ang sarsa para sa gansa, ay para rin sa isa pang gansa." Kita n'yo? Kaya, kung gagawin nila 'yan, mauubusan sila ng espasyo sa mga tudling ng mga pahayagan para isulat lahat ng namatay. Kung magtutungo ako rito sa sementeryo at sasabihin, "Lahat ng namatay sa ilalim ng Makalangit na pagpapagaling ay tumayo," at pagkatapos sasabihin, "Lahat naman ng namatay sa ilalim ng medikal na paggagamot ay tumayo," tiyak na lalamang sa bilang nang isang milyon sa isa. At eksaktong ganoon. Kaya kung pupulaan nila ang isa, dapat ay pulaan ang iba pa. Dapat ganoon 'yun. Pero pinapatay nila ang milyun-milyon sa isang taon gamit ang mga medisina at pag-oopera, at wala kayong maririnig ni isang salita man tungkol dun. Kita n'yo?

70 Kaya, ang munting dalaga na ito, siya ang gumagawa ng lahat ng mahihirap na trabaho. Kaya mangyari, bigla na lang, ang binata. . . isang gabi noong matapos ang hapunan at nagsasayawan sila roon, at bawat isa sa mga kadalagahan ay talagang nagpaganda, alam n'yo. At itong mahirap na munting dalaga'y ang damit lang niya'y munti't, lumang, nanlilimahid na damit. Tapos isang gabi ang dalagang ito'y nakaupo roon sa silid-kainan pagkatapos nung hapunan, at kanya nang nahugasan ang mga pinagkainan at nagtungo siya roon sa bakuran sa likod para itapon ang tubig na pinaghugasan ng pinggan. Siya. . . noong lumiko siya roon sa may bakod sa kural, naroong nakatayo ang binata, nakasandal sa bakod. Ang sabi nung binata, "Kumusta."

71 Nahiya ang dalaga, dahil ang binatang ito'y anak nung superintendent, anak nung may-ari mismo ng rantso. Ipinantakip niya 'yung palanggana, para hindi mapansin nung binata na nanlilimahid siya; napaatras pa nga ang dalaga, habang walang suot-suot sa kanyang paa, napalingon sa likod, nang *paganito*.

72 At lumakad papalapit ang binata sa dalaga, sabi, "Huwag kang matakot sa akin." Sabi, "Nais kong sabihin sa iyo ang isang bagay." Sabi niya, "Nagpunta ako rito para sa isang kadahilanan, nagpunta ako rito para maghanap ng mapapangasawa." Tapos sabi, "Kung saan-saan na ako naghahanap." Sabi, "Ayaw kong mapangasawa ang sinuman sa mga kadalagahan doon sa siyudad, ang nais kong mapangasawa ay 'yung naiisip ko na isang tunay na asawang babae." Tapos sabi, "Sa lahat ng nakita ko, ikaw 'yung napapansin ko sa paligid dito. At nalaman ko sa pamamagitan ng ilang trabahador dito na isa kang pinsan."

Sabi, "Tama, po."

73 Sabi, "Gusto kitang tanungin ng isang bagay. Pakakasalan mo ba ako?" Haya't, hindi malaman nung dalaga kung anong gagawin. Siya'y nagulat, hindi niya—hindi niya alam kung anong isasagot sa lalaki.

74 Oh, nakikinita ko nga kung anong naramdaman niya. Kayo rin ba? Noong ako, na isang makasalanan noon, walang halaga, anak ng isang manginginom, ay sinabi ni Jesus Cristo, "Nais Kong mapasa Akin ka." Papaano nga na Siya'y magtutungo sa isang katulad ko? Papaano Niya masasabi, "Bibigyan Kita ng isang tahanan sa Langit"? Papaano Niya masasabi, "Ililigtas Kita"? Samantalang heto ako na isang aba, papaano nga mangyayari 'yun? Pero Kanya ngang ginawa!

75 Sabi ng dalaga, "Ginoo, hindi ako—hindi ako—ako—hindi ako karapat-dapat. Hindi ako bagay na maging asawang babae sa isang lalaki na tulad mo," sabi, "dahil sanay ka

sa enggrandeng mga bagay. At wala po akong kaalam-alam tungkol dun, mahirap lang ako."

Sabi nung lalaki, "Pero ikaw ang pinili ko."

76 At hindi ba't napaka inam noong sinabi 'yan ni Jesus sa inyo...? Samantalang alam mo na hindi kayo karapat-dapat na maging isang Cristiano. Kayo, wala nga kayong magagawa kailanman, pero Kanyang...Haya't wala nga... Kanyang—Kanyang basta lang pinili kayo. Kita n'yo? Siya... Ito'y bunsod ng Kanyang kabutihan, na sa Kanyang habag ay pinili Niya kayo. Hindi kayo ang pumili sa Kanya, alam n'yo, Siya ang pumili sa inyo. Ganoon nga.

Sabi ng dalaga, "Hindi ako—hindi ako..." Sabi niya...

77 "Huwag mong pansinin ang damit mo. Hindi ko tinitingnan ang damit mo, ang nakikita ko'y kung ano ka." Sabi nung binata, "Pakakasalan mo ba ako?" At sa huli'y nagkaroon sila ng kasunduan. At sabi nung binata, "Isang taon mula sa araw na ito, magbabalik ako. Maghanda ka. Siguraduhin mong magdamit ng damit pangkasal, dahil ako'y babalik at pakakasalan kita rito sa mismong lugar na ito. At dadalhin kita sa Chicago, sa Outer Drive, na doon ay may palasyo ka na titirhan. At lahat nitong paghuhugas ng pinggan ay matatapos na, at ganoong mga bagay, sa panahon na 'yan."

78 Noong ang mga kapatid na babae, o 'yung mga pinsan, noong marinig nila ang tungkol dito, sabi nila, "Naku ikaw na kawawa't, munting, nagpapautong hangal! Aba, mahahalata mo namang hindi seryoso ang lalaking 'yun!"

79 At hindi ba't ganyan na ganyan din ang sinasabi nila ngayon? "Papaanong ang isang grupo ng mga holy-roller, isang grupo ng mga tao na halos di nga maisulat ang sarili nilang pangalan, papaanong sila ang magiging Iglesya? Papaano nga mangyayari 'yun sa isang grupo na gaya nun?" Pero ayos lang 'yan. Noong tayo'y ipagkasundo at naramdaman ang halik na 'yun ng pakikipagkasundo ni Jesus Cristo sa ating puso para iwaglit ang ating pagkakasala, may Bagay na nagsasabi sa atin na Siya'y magbabalik muli, kung gaano ngang katotoo ang mundo. Balang araw Siya'y magbabalik.

80 Buong taon ay nagtrabaho siya, inaalila, nag-iipon nang munting pabarya-baryang sitenta'y singko sentimo, mula sa kung ano—kung anong ibinibigay nila rito sa kanyang sahod sa isang araw. At iniipon niya ang pera niya para makabili ng damit pangkasal, para maihanda ang lahat. Oh, 'yun mismo ang buong iniisip niya, naghahanda. (At kanyang... "Kanyang inihahanda ang Kanyang Sarili.") Nakabili nga siya ng kanyang damit, ng kanyang damit pangkasal, habang ang mga pinsan niya'y nagtatawa sa kanya't nililibak siya.

81 Sa wakas ay dumating...dumating sa wakas ang araw. Nagsuot siya ng damit pangkasal (Oh!), naghanda mismo't

napaging malinis. At 'yung munti niyang mga pinsan ay lumapit at tiningnan siya mula ulo hanggang paa at nagsabi, "Buweno, nasisiraan ka na talaga. Buweno, alam mo naman na hindi siya seryoso nun. Hindi niya magagawang kausapin ang isang... pakasalan ang isang dalaga na tulad mo." Pero, inihanda niya ang kanyang sarili, ano't anuman.

82 Mangyari nga na sumapit na't atrasado na ng gabi, at nagsimula silang kutyain siya at pagtawanan siya. Tumayo pa rin siya sa may pinto, na naghihintay, ano't anuman. At kaya siya... sabi niya, "Anong sinabi niyang oras na paririto siya?"

83 Sabi, "Hindi niya sinabi." Pero sinabi, "Sinabi niya... sinabi niya sa akin noong gabing pakakasalan...o noong ibinigay niya sa akin ang singsing ng pakikipagkasundo. Sinabi niya, binanggit niya sa akin, 'Isang taon mula mismo ngayon.' Kaya ibig sabihin may isang oras pa ako na natitira." Amen, basta't naghintay lamang. "May isang oras pa ako na natitira, tatlumpung minuto pa ang natitira, sampung minuto pa ang natitira." At nagtawa sila't kinutya siya, at ibinansag na sa kanya ang lahat.

84 Pero, sa huli, sa mismong mahalagang oras, naulinigan nila ang buhangin na umiikot sa ilalim ng mga gulong, may mga kabayo na dumarating. Kay gandang makita ang munting nobya na 'yun na inihanda nito ang kanyang sarili, na lumabas ng pinto, at dumaraan dun sa mga balag na nababalot ng rosas sa dako roon, dali-daling dumiretso sa mga bisig ng lalaki na kanyang minamahal, at para maging kanyang asawang lalaki, na kukunin na siya na gaya nun, at ikakasal at isasakay patungo sa malayo.

85 Isa sa mga araw na ito, kapatid, ang mga tao na nanlilibak sa atin at sinasabi "holy-roller," at—at "pentecostal," at mga bansag na gaya nun...Haya't naghihintay na lang tayo, mayroon pa tayong kakaunting oras. Sinasabi nila, "Ah, wala namang pinagbago na kahit ano." Huwag kayong mag-alala, mayroon pa tayong kaunting oras na natitira. At sa sandaling 'yun na Kanyang ipinangako, Siya'y paririto. At isa sa mga araw na ito tayo'y lilipad at aalis na rito. Siguraduhin lang na maging handa kayo! Panatilihin n'yong suot-suot ang Damit Pangkasal! Iwaglit n'yo ang lahat ng kalupitan palabas sa inyong puso. Lahat ng...

86 Pakinggan n'yo kung paano ang pagkabasa rito ng Kasulatan:

> *Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin: sapagka't dumating ang pagkakasal sa Cordero, at ang kaniyang asawa* ay *inihahanda na ang kaniyang sarili.* (Nakukuha n'yo ba?)
>
> *At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, malinis at puti: sapagka't ang*

*mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal*. (Purihin ang Diyos!)

*At* sinabi *niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan* sa *paghapon sa kasalan ng Cordero. At* sinabi *niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios*.

87 Kaya magkakaroon talaga ng isang pagsasalubong sa himpapawid isa sa mga araw na ito, sa kaluguran na 'yun, sa kaluguran na 'yun na parating. Uh-huh. Sadyang manatiling handa! Ihanda ang inyong sarili! Puspusan na linisin ang inyong puso mula sa lahat ng masamang pag-iisip. Manampalataya sa Diyos, kahit na gaano pang kadilim ang situwasyon at gaano mang karaming pagtatawa at panlilibak at pagsasabing, "Nakagawa ka ng pagkakamali." Manatili't magpatuloy sa pamumuhay nang banal at pamumuhay para sa Diyos. Magpatuloy lang, talagang darating 'yun!

88 Kaya, nakita n'yo, ang Iglesya'y lumitaw na muli sa Apocalipsis 19:

*Pagkatapos* ng mga bagay na ito. . . (Matapos na makita ni Juan ang kapanahunan ng Iglesya.)

*Pagkatapos* ng mga bagay na ito *ay tumingin ako, at narito, ang isang pinto*. . .

89 Ngayon, tandaan n'yo, si Juan ay naroon pa rin sa Patmos. At matapos na makita niya ang lahat ng mga kapanahunan ng iglesya na nagdaan:

. . . *tumingin ako, at, narito, ang isang pintong bukas sa langit:* . . .

90 "Isang Pinto." Ano ang Pinto? Apocalipsis 3:8. Sa Apocalipsis, sa ika-3 kabanata at ika-8 talata, "Nalalaman Ko ang iyong mga gawa. Narito, inilagay Ko sa harapan ninyo ang isang bukas na Pinto na walang sinuman ang makalalapat, walang sinuman ang makapagbubukas." Siya ang Pinto! Ang Pinto! Si Cristo ang Pinto. Sinabi Niya, sa San Juan 10, "Ako ang Pinto tungo sa kawan ng mga tupa."

91 At sa lumang kanayunan, makikita n'yo roon na ang isang pastol ay nagpapalakad ng kanyang mga tupa. Pagkatapos niyang bilangin ang mga ito at masigurado na lahat sila'y naroon, mangyari nga na mahihiga siya sa mismong pinto. Hindi makakapasok ang lobo nang hindi siya nagigising, o ang kanyang mga tupa'y hindi makalalabas nang hindi dumadaan sa kanya. Oh, gaanong kaligtas ang pakiramdam ng mga tupa dahil ang pastol ay naroong nakahiga sa may pinto.

92 Si Noe, sa Lumang Tipan, tumayo sa pinto ng daong. Oh, pakinggan n'yo; may bagay ako na sasabihin! Tumayo siya roon sa pinto at nangaral ng pagsisisi at pagiging matuwid sa mga tao na pinagtawanan lang siya. At sa siya ring pinto na 'yun

ay tumayo siya, walang sinuman ang makakapasok sa daong maliban sa dumaan sa isang pinto na 'yun. Wala ngang iba't nag-iisa lang ang pinto sa daong.

93 At may nag-iisa lamang na Daan! Buweno, Kapatid . . .?. . . Nag-iisa lamang ang Daan na papasok sa Katawan ni Cristo. Nag-iisa lamang ang Pinto tungo sa Iglesya ng buhay na Diyos, at si Jesus ang Pinto na 'yun! "Ako ang Pinto! Ako ang Daan, ang daan patungo sa Pinto. Ako ang Daan patungo sa kawan ng mga tupa."

94 Sinabi Niya sa kapanahunan na ito ng iglesya, "Naglagay Ako sa harapan ninyo ng isang bukas na Pinto." Sinabi Niya 'yun sa kapanahunan ng iglesya ng Methodist, tinalikuran nila Yun, bumaling sa organisasyon. "Ngunit naglagay Ako sa harapan ninyo ng isang bukas na Pinto." Ngayon, matapos na makatanggap sila ng pagpapaging banal, sinabi Niya, "Ilalagay Ko ang bukas na Pinto," na yaong Espiritu Santo. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay tayong lahat ay" (papaano?) "nabautismuhan tungo sa isang Katawan na si Cristo." Inilagay Niya ang mensahe na 'yun sa harapan ng iglesyang Methodist at kanilang isinantabi Ito. Nakaabot sila sa pagpapaging banal at tinanggihan naman ang Espiritu Santo. Naaalala n'yo po ba? Ang "bukas na Pinto na 'yun."

95 Papaano kayo makakapasok kay Cristo? Sa pamamagitan ng isang Espiritu, Espiritu Santo, na Espiritu ni Cristo. Nakapasok tayo, hindi sa pamamagitan ng pakikipagkamay, hindi sa pamamagitan ng pagwiwisik, kundi sa pamamagitan ng isang Espiritu Santong bautismo ay nabautismuhan tayong lahat patungo sa isang Katawan at pinaging mga bahagi sa Katawan na 'yun. Isang Espiritu Santong bautismo papasok sa Pintuan na 'yun.

96 Ang Pintuang ito na inilagay sa Langit, ang Pintuan na 'yun, noong siya'y tumingin paitaas at nakita niya ang Panginoong Jesus. Sige't pagmasdan n'yo ang sumusunod na bahagi nito. Ang Pintuan na 'yun, ang Panginoong Jesus.

> *. . . tumingin ako, at, narito, ang isang pintong bukas sa langit: at ang unang tinig . . . na aking narinig . . .* isang tinig *ng isang pakakak . . .*

97 Ngayon nagbago mismo ang eksena. Ang pinapanood dun ni Juan ay yaong Patmos, at ngayon ay sa taas na siya nakatingin. Bakit? Nakita niya ang isang bagay na naganap dito sa lupa (ang mga kapanahunan na ito ng iglesya), na tumugaygay sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at pagkatapos na masilayan niya ang mga kapanahunan ng iglesya, pagkatapos nun, pagkatapos na matapos ang mga kapanahunan ng iglesya, nakarinig siya ng isang Tinig. At tumingin siya sa itaas sa Langit at nakita niya ang isang bukas na Pinto, at ang unang Tinig ay tumunog na gaya sa

isang pakakak. Buweno, ang eksena'y nagbago mula Patmos ay naging Langit.

98 Ang Tinig ay yaong siya ring Tinig na lumakad sa pitong kandelerong ginto; siya ring Tinig, ang Tinig ay hindi nagbago. Pero, ang Tinig, nasaan Ito noong marinig niya Ito sa unang pagkakataon? Ilan po ang nakakaalala, sa unang kapanahunan ng iglesya? Sa likuran niya. "Ako'y nasa Espiritu noong araw ng Panginoon," Apocalipsis 1—1:10. Mangyari nga na siya . . . "Nasa Espiritu." Kung gusto n'yo pong ilista 'yun haya't sa Apocalipsis 1:10 at 13, "Ako'y nasa Espiritu noong araw ng Panginoon, at narinig ko sa likuran ko ang gaya sa isang Tinig ng isang pakakak at tumunog na gaya sa lagaslas ng maraming tubig. At noong lumingon ako para tingnan, nakita ko ang Isa na nakatayo sa gitna ng pintong kandelerong ginto."

99 Ngayon, matapos na ipakita Niya sa kanya ang lahat ng hiwaga ng pitong kandelerong ginto na 'yun (na hawak-hawak ang pitong bituwin, at may suot na puting peluka, at iba pa, at ang mga paa'y gaya sa tanso, at ang mga mata'y gaya sa apoy, na mga simbolo), pagkatapos ay nakarinig siya ng siya ring Tinig (Masdan.) na nagsasalita mula sa Langit. At tumingin siya sa itaas at nakita ang isang bukas na Pinto. Oh! Isang bukas na Pinto patungo sa Langit! Papaano kayo makakapasok? Sa pamamagitan ni Cristo Jesus, sa isang Pinto, isang Daan, na wala nang ibang daan.

100 "Sinumang aakyat sa ibang paraan, ay gaya sa isang magnanakaw at isang manloloob." At sa talinghaga ukol sa isa na umakyat at naroon sa Hapunan ng Kasalan na hindi suot yaong kasuotan, na nasumpungang may sala, ay haya't tinali at itinapon sa kadiliman sa labas. Nag-iisa lamang ang Daan, patungo sa Hapunan ng Kasalan. Sa palagay ko'y naipangaral ko na ang tungkol dun dito hindi pa katagalan. Sa tuwing ang lalaking ikakasal . . . Kapag ang isang lalaki'y . . . ikakasal noon sa kanayunan, siya mismo ang nagbibigay ng mga paanyaya, siya mismo ang naghahanda ng mga kasuotan. Kaya nung makaharap niya ang lalaking ito roon, haya't nakaupo ang lalaki na 'yun sa may hapunan na dulang . . . Ilan po ang nakakaalala sa talinghaga? Tunay, kayo na nagbabasa ng Biblia. At nakaharap niya ang isang lalaki dun sa may hapunan na dulang na walang kasuotang pangkasal.

101 Ano 'yun? Ang Nobyo'y nakatayo sa may pinto at ang lahat ay lumalapit na dala ang paanyaya. "Walang makalalapit sa Ama maliban na sa pamamagitan Ko. Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama, o inanyayahan, ay lalapit sa Akin." Heto nga sila na parating, na iniabot ang paanyaya sa kanila, ng nobyo, para ang lahat ay magiging pare-pareho ang itsura. Yan nga'y isang katangi-tanging bagay tungkol sa mainam, na makalumang, Espiritu Santong relihiyon, na pinagiging pare-pareho ang itsura ng lahat. Sila man ay mayaman o mahirap,

alipin o malaya, itim o puti, lalaki man o babae, lahat sila'y isa kay Cristo Jesus. At ang nobyo'y nakatayo sa may tabi ng pintuan at tinatanggap ang paanyaya, isinusuot ang balabal sa taong ito, para ang mayaman at ang mahirap ay magmukhang pare-pareho lahat. Ganoon nga 'yun sa Kaharian ng Diyos, walang malalaking tao at maliliit na tao; lahat sila'y iisang katauhan, na ang lahat ay isa kay Cristo.

102 Ngayon, ano ang palagay n'yo noong bumaling ang Nobyo at makita ang isang lalaking nakaupo roon na walang suot na Damit Pangkasal? Sabi, "Kaibigan, papaano ka nakapasok dito?" Haya't tumayo siya roon nang walang imik, ipinapakita mismo na dumaan siya sa ibang daan maliban sa Pinto. Dumaan siya sa pamamagitan ng bintana, dumaan siya sa likod na pinto. At tinawag Niya ang lalaki na isang kaibigan, patunay na ang lalaking 'yun ay isang miyembro sa iglesya, "Kaibigan, papaano ka nakapasok dito nang hindi suot ang damit?" Ngayon, ang sabi ni Jesus, Mismo. At tinawag Niya ang tagabantay ng pinto, sabi Niya, "Talian ang lalaking ito, sa kamay at paa." At itinapon ang lalaki sa kadiliman sa labas kung saan may paghagulgol, pagtangis, at pagngangalit ng ngipin. Yun Mismo ang Mga Salita ni Cristo, (Tama.) "Ang lalaki'y itinapon sa labas." Dahil, ipinapakita nun, na dahil wala itong Damit Pangkasal, dumaan siya sa ibang daan maliban sa Pinto. Kung dumaan siya sa pamamagitan ng Pinto, natanggap sana niya ang isang Damit Pangkasal.

103 Oh, pakinggan n'yo ito! Haya't kung ang Damit Pangkasal ay ang bautismo ng Espiritu Santo, papaano tayo kakatawanin sa ibang paraan? Kung ang unang kapanahunan ng iglesya ay kailangan dumaan sa pamamagitan ng Pinto, si Cristo Jesus, na sila'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, para isuot ang Damit Pangkasal, papaanong papasok tayo roon sa ibang paraan? Kung papasok tayo roon sa pamamagitan ng Methodist, sa pamamagitan ng Baptist, o sa pamamagitan ng mga Pentecostal, o anumang ibang denominasyon, kayo'y tatalian at itatapon sa kadiliman sa labas. Kinakailangan n'yong pumasok sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang Daan, ang Pinto, ang Katotohanan, ang Buhay. Amen!

104 Buweno, siya ring Tinig, Apocalipsis 21, o, Apocalipsis 1:10 at 13. At nais kong pansinin n'yo, ang Tinig na narinig niya na nagsasalita sa kanya ay may kalinawan ng isang trumpeta. Alam n'yo ba kung papaano tumutunog ang isang trumpeta, matinis ang tunog nito. Anong ibig sabihin ng trumpeta sa Biblia? Digmaan. Sa tuwing makikita n'yo na isang trumpeta ang hihipan, sa isang digmaan. . .sa panahon ng Biblia, ang tunog nito'y nangangahulugan ng isang digmaan, alinman sa isang kapahayagan o may bagay na mangyayari.

105 Ngayon, siya. . .Matapos ang mga kapanahunan ng iglesya, at ang lahat ay naihanda na, inihanda na ang tagpo rito sa ika-

4 na kabanata, kung saan ang mga kapanahunan ng iglesya'y tapos na. Siya'y nakaalis na ng lupa, kita n'yo. Alalahanin n'yo, ang Tinig na nagsalita sa kanya, sa likuran niya, sa pitong kandelerong ginto, ang gawa nga'y natapos na. At ngayon ang siya ring Tinig ay nagsasalita sa Langit. Ano 'yun? Tapos na Niyang tubusin ang Kanyang mga tao. Ang Kanyang panlupang gawa ay tapos na, at Siya'y naroon na sa Kaluwalhatian, na tumatawag kay Juan, "Umakyat ka rito!" Uh-hum. Amen! Ibinubunsod nga n'yan na ako'y humiyaw sa bisperas na ito ng Bagong Taon. Oh, grabe! Hayan nga. Kita n'yo, handa, "Umakyat ka rito!"

106 Digmaan! Ito ang tagpo ng malaking digmaan; ng mga tao na tumanggi sa Mensahe ng Diyos, na tumanggi sa Espiritu Santo, sa Mensahero ng pitong iglesya. Wala nang natira pa sa isa na 'yun na tinanggihan ang Mensahe na ito ng Kanyang biyaya, anupa't kahatulan ang naghihintay, habang naghahanda Siya na ibuhos na ang mga salot sa lupa. "Umakyat ka rito at ipapakita Ko sa iyo kung anong mangyayari. Sa mga tinatanggihan-si-Cristo, na mga walang Diyos na makasalanan, Aking ibubuhos ang Aking galit sa kanila."

107 Masdan n'yo ang tagpo. Oh, sa pagtalakay pa natin sa mga gabi ay makakakuha pa kayo nang marami pa nito't marami pa nito. Hindi natin matatalakay ang lahat dito, kinakailangan nating sumipi sa iba't ibang dako. Kung papaanong magiging kalunus-lunos na bagay para sa kanila kapag ang huling trumpeta'y tumunog na, at kapag ang huling pakikipagbaka'y pinakipaglaban na, kapag ang huling pangangaral ay naipangaral na, kapag ang huling awitin ay naawit na, at tayo'y tatayo sa Luklukan ng Paghatol ni Cristo. Kayo'y tatanungin, "Bakit hindi n'yo tinanggap Ito? Anong ginawa n'yo sa Buhay na ibinigay Ko sa inyo?" Kayo'y tatanungin na magbigay ng dahilan. Anong mangyayari pagkatapos?

108 Narinig n'yo na akong inawit 'yun, o sinubukang awitin 'yun:

> Ano nang mangyayari? Ano nang mangyayari?
> Kapag ang dakilang Aklat ay binuksan, ano nang mangyayari?
> Kapag sila na sa Mensahe'y tumanggi
> Pipilitin na magbigay ng dahilan, ano nang mangyayari?

109 Tatayo kayo roon, kung gaano ngang katiyak na ang Aklat na ito'y isinulat. Kayo'y. . .kayo'y tatayo roon at sasabihan na magbigay ng dahilan. Oh, marapat sa atin, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, marapat sa atin, bilang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, na suriin natin ang ating mga sarili bawat oras ng araw. Sabi ni Pablo, "Namamatay ako araw-

araw. Gayong nabubuhay ako, hindi na ako ito, kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin." Kita n'yo? Tiyakin na masiyasat, dahil hindi n'yo nalalaman ang oras na kayo'y tatawagin na para papasagutin doon sa Itaas.

110 Ngayon, "Narinig ang Tinig ng pakakak." Sige. Tandaan, tandaan n'yo ang sinabi ni Juan, ang sabi niya rito, sa huling bahagi ng unang kabanata:

> . . .*ang unang tinig*. . .*ay*. . .gaya ng *isang pakakak* na nakikipagusap *sa akin;* at *nagsasabi, Umakyat ka rito*,. . .

Umakyat ka rito! Ipinakita ko na sa iyo ang mga kapanahunan ng iglesya sa lupa; ngayon umakyat ka *rito*, ipakikita Ko sa iyo ang bagay na mangyayari sa taas dito.

111 Kita n'yo, umalis na si Cristo sa lupa noong panahong 'yun, Siya'y umakyat na sa Kaluwalhatian, Ang Kapanahunan ng Iglesya'y tapos na, ipinakita na ang Kanyang Espiritu'y tapos na rito. At Siya'y dumako na sa Kaluwalhatian at tinatawag si Juan na umakyat, at ipinakita Niya sa kanya ang iba pang mga bagay na mangyayari. "Umakyat ka rito."

112 Ngayon, napansin natin si Juan, sa ika-2 kabanata. . .sa ika-2 talata. Pansinin n'yo, dagli, idinagdag ito ni Juan:

> *At pagdaka'y*. . .(Amen!)

113 Oh, kung medyo nakakatuwa ang kilos ko, dahil lang po sa mainam ang pakiramdam ko. Idinagdag ni Juan:

> . . .*pagdaka'y napasa espiritu ako:*. . .

114 Kapag narinig n'yo ang Tinig ng Diyos na nagsasalita sa inyo, may bagay na nangyayari. Amen! Oh, nangyari na ba 'yun sa inyo nang gaya nun? Nangyari na sa akin, tatlumpu't isang taon na ang nakararaan, at hindi na ako katulad ng dati simula noon. Oh, noong sabihin Niya, "Lumapit kayo sa Akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha, bibigyan Ko kayo ng kapahingahan." Binago ako Nito.

115 Ang sabi ni Juan:

> . . .*pagdaka'y napasa espiritu ako*:. . .(Anong espiritu? Ang Espiritu Santo. Oh!). . .*Napasa espiritu ako: at, narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw* nung luklukan *ay may isang nakaupo*.

116 Kita n'yo, lumisan si Juan sa lupa sa sandaling yaon. Si Cristo'y lumisan sa lupa (sa anyo ng Espiritu Santo) at nagbalik sa Katawan muli. Ngayon ang Katawan ay naroon bilang isang bantayog, bilang hain. Matatalakay natin 'yan sa kabanata rito. Pero ang Espiritu ni Cristo'y bumalik para manahan sa Iglesya, para manahan sa atin.

117 Ngayon, agad-agad na matapos Niyang ipakita ang dulo ng kapanahunan ng Kanyang gawa rito, nagtungo Siya sa Langit,

ang sabi Niya, "Ipapakita Ko sa iyo kung anong mangyayari pagkatapos nito, pagkatapos ng mga kapanahunan ng iglesya." Ang sabi Niya, "Juan, hindi na Kita makakausap sa ibaba riyan, dahil umalis na ako papunta rito, umakyat ako nang mas mataas pa. Umakyat ka rito kasama Ko!" Amen! "At ipapakita Ko sa iyo kung anong mangyayari pagkatapos." Oh, grabe! Hmm! Oh! Dinagit mismo sa pangitain, inagaw paitaas sa Kaluwalhatian.

118 Yung karanasan niya'y parang yaong bagay na naranasan ni Pablo. Sa Ikalawang Mga Taga-Corinto 12:2 at 4, kung inililista n'yo. Ikalawang Mga Taga-Corinto. . .2 hanggang 4. Dinala paitaas si Pablo isang araw, sa isang. . .sa isang pangitain, din. Alam n'yo ba 'yun? At nakita niya ang mga bagay na hindi nararapat para sa kanya na ipangusap; labing-apat na taon, na hindi niya 'yun binanggit. Kita n'yo? Pero pakinggan n'yo ang pagkakaiba sa pagitan nila.

119 Yung bagay na nakita ni Pablo, pinagbawalan siya na mangusap tungkol dito o ihayag 'yun sa publiko. Oh, grabe! Iniisip ko nga na hindi niya matitiis. (Dahil, doon din sa munting biyahe ko papunta roon isang araw, hindi rin 'yun mawala-wala sa akin at di mawawala kailanman.) Kita n'yo, nakita niya—nakita niya ang mga bagay na hindi niya maaaring ipangusap. Sa palagay ko'y wala siyang mga salita para. . .dinala siya paitaas sa ikatlong Langit, siyanga. Kita n'yo, sa taas doon sa ikatlong Langit.

120 Magkaiba nga noong si Juan ay iakyat paitaas at nakita si Jesus, siya'y. . .Ang sabi, "Isulat mo sa isang aklat ang bagay na nakita mo at ibigay mo ito, ipadala mo pabalik sa mga iglesya." Si Pablo'y pinagbawalan na mangusap, at si Juan nama'y inutusan mismo na ilagay 'yun sa isang aklat para ito'y tumugaygay sa mga kapanahunan. Oh, grabe! Nahayag ito ngayon, para mahayag ito sa huling mga araw. Hindi 'yun nahayag noong panahon niya, ito'y nahayag ngayon sa ating pagtugaygay.

121 Oh, at pansinin n'yo, si Juan, dagli mismong itinaas matapos ang kapanahunan ng iglesya, 'yan nga'y isang tipo ng inagaw na Iglesya. Kasunod na kasunod mismo pagkatapos ng kapanahunan ng iglesya, itong Kapanahunan na ito ng Laodicea, pagkatapos nga'y dumating ang Pag-agaw. Ang Iglesya'y pumaitaas gaya ng nangyari kay Juan, patungo sa Presensya ng Diyos. Oh, grabe! Whew! Talagang pinapailanlang nito ang aking kaluluwa. Dinagit paitaas, sa Pag-agaw sa Iglesya! At sabi Nito. . .Itong dako na ito, ang Aklat ng Apocalipsis, ay isinulat, kita n'yo, sa dulo ng kapanahunan ng iglesya.

122 Ngayon, may isang munting bagay ako rito na nais kong linawin na isang bagay na matagal nang di nasasagot sa gitna ng maraming mga Cristiano. At naisip ko ngayong araw, habang nag-aaral ako kanina, naglilista ng Mga Kasulatan, at

naghahanap ng mga pangalan at iba't ibang mga kulay at mga bagay. Dadako tayo sa mga ito maya-maya, sa mga bahaghari't mga simbolo, at iba pa. Sinusulat ko ang Mga Kasulatan na ito rito para mabalikan ko ang mga ito at masangguni ang mga ito, kung ako. . .sa pagtugaygay. Dahil, kadalasan, kung ako'y mangungusap tungkol sa isang bagay na gaya nito, Ito'y. . .ito'y magiging iba, kaya sisikapin ko na alamin ito sa puso ko. Pero sa paraan na ito, kapag may kaunti ka pang oras, nais kong sumangguni dito dahil ito'y tumutugaygay mismo sa buong Mga Kasulatan, pabalik at pasulong.

123 Ngayon, sa Mateo 16:13, makikita natin ito, sige't sa inyo na mga inililista ang Mga Kasulatan. Mateo. . .Kung gusto n'yong bumalik. . .kung gusto n'yong bumuklat dito, sige, Mateo 16:13. Ito'y. . .Oh, babalik lang tayo at babasahin ito, at pagkatapos ay matitiyak natin ito. Mateo sa ika-16 na kabanata, at sa ika-13 talata. Pakinggan n'yong maigi ngayon habang binabasa natin ang 16:13, "Noong dumating si Pedro. . ." O:

> *Nang dumating nga si Jesus* sa *mga sakop ng Cesarea ni Filipo, ay itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi,* Sino *baga ang sabi ng mga tao. . .kung sino ako na Anak ng tao?*
>
> *At kanilang sinabi, Anang ilan. . .ikaw si Juan Bautista: ang ilan, si Elias; at ang mga iba, si Jeremias,* at, *o isa sa mga propeta.*
>
> *Kaniyang* sinabi *sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?*
>
> *At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay.*
>
> *At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: . . .hindi ipinahayag* sa *iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.*
>
> *At sinasabi ko naman. . .sa iyo, Na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng impyerno ay hindi magsisipanaig laban dito.*
>
> *At* ngayon. . .*At ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong* talian *sa lupa ay tatalian sa langit:. . . anomang iyong* kalagan *sa lupa ay kakalagan sa langit.*
>
> *Nang magkagayo'y ipinagbilin niya sa mga alagad na huwag sabihin kanino man na siya si Jesus na Cristo.*

124 Pakinggan n'yong maigi ngayon. Sige. "Simula ng panahon. . .Mula sa panahon na Siya'y nagsimulang. . ." Nais ko nang dumako sa isa pa, puwede n'yong basahin ito pababa, hanggang sa makarating kayo sa ika-28 talata rito, dahil puwede n'yo namang basahin ito pagkauwi n'yo.

*Katotohanang—Katotohanang sinasabi ko sa inyo, May ilan sa nangakatayo rito, na hindi matitikman sa anomang paraan ang kamatayan,* hanggang sa *kanilang makita ang Anak ng tao na pumaparito sa kaniyang kaharian.*

125 Oh, bulayin n'yo 'yun! "May ilan na nakatayo rito, may *ilan* na nakatayo rito, ang hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa kanilang makita ang Anak ng tao na pumarito sa Kanyang Kaharian." Grabeng pahayag! Ganoon na lamang na gustung-gustong punteryahin 'yan ng kritiko at sadyang ipinapakita kung gaano siyang kamangmang, kita n'yo. Gustung-gusto niyang punteryahin 'yan, at mangyayari na wala pala siyang kaalam-alam dito. Kita n'yo? Buweno.

126 Pagkatapos ng paghahayag ni Pedro, na alam nating ang kanyang paghahayag ay . . . Kanyang itatayo ang Kanyang Iglesya sa siya ring bato na ito. Hindi si Pedro, yamang isang munting bato, gaya ng pinagpipilitang sabihin ng Romano Katoliko. Kundi ang paghahayag ni Pedro ukol sa Kapahayagan, 'yun ang Iglesya. Ihahayag Ito ng Diyos; hindi sa paghahayag ng taong ito, dahil ang taong ito'y tumalikod din kinalaunan. Hindi isang paghahayag na Siya'y ang Anak ng Diyos; na dahil alam nila na Siya ang Anak ng Diyos, na si Pedro lamang ang nagsabi nito. Kundi kung ano nga ito, na, Kapahayagan na inihayag mula sa Langit na Siya ang Anak ng Diyos. Sabi, "Laman at dugo'y hindi ito itinuro sa iyo, kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo. At sa ibabaw ng batong ito, sa batong paghahayag na 'yun, Aking itatayo ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makakaapekto . . . makakapanaig laban Dito."

127 Sana hindi tayo maubusan ng oras nang mabilis dito ngayon, para makadako pa tayo rito. Haya't nais nating malaman kung papaano 'yun dumadaloy patungo sa tao. Ito'y isang magandang kuwento kung makakadako lamang tayo rito. Sige. Siyanga, ang batong kapahayagan, bagay ni Pedro . . . Kanyang itatayo ang Kanyang Iglesya sa paghahayag na ito ni Pedro. Ang sabi Niya, "Ang ilan na nakatayo rito ay hindi matitikman ang kamatayan hanggang sa makita nila ang—ang Anak ng Diyos na paririto sa Kanyang Kaharian."

128 Ngayon, alalahanin n'yo, binanggit Niya ang "ilan." Higit nga 'yun sa isa, di po ba? Ang ibig sabihin ng ilan ay *marami*, "higit sa isa." Pero ngayon tingnan n'yo, lahat ng mga alagad Niya'y nakatayo roon, at tinatanong Niya ang bawat isa sa kanila, "Anong palagay mo tungkol *dito*? At anong palagay mo tungkol *doon*?" Pero ang sabi Niya, "May ilan sa inyo na tumatayo rito, may ilan na nakatayo rito, na hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Anak ng tao na pumaparito sa Kanyang Kaharian." Oh, grabe! Grabeng

pahayag! Isipin n'yo, dalawang libong taon na ang nakakaraan noong 'yan ay sinabi.

129 Siyanga ba't...magiging...Ang Salita ba ng Diyos ay hindi nagkakamali? Ang bawat Salita na Kanyang sabihin ba'y mangyayari?

130 Ngayon, kung mamarapatin natin, bumuklat tayo ngayon sa ika-17 kabanata ng Mateo kasunod. Noong Kanyang isama... Ilang araw pagkatapos nun, isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan, sa itaas ng bundok, binukod sila, para maging isang saksi. Sina Pedro, Santiago, at Juan; at nasaksihan nila ang Kaharian ng Diyos na malantad sa kapangyarihan, nakita nila ang pagparito ng Kaharian ng Diyos na paunang pagpapasilip. Amen! Oh, dinala sila roon para masaksihan ang Kaharian ng Diyos na paunang ipinasilip sa pagdating Nito, ang pagdating ng Milenyum. Nakita nila sa unang pagpapasilip.

131 Di pa katagalan...may isang grupo ng mga ministro, isa si Oral Roberts sa kanila. Si Cecile B. DeMille, noong isulat niya itong *Ten Commandments*, tinawagan niya si Kapatid na Shakarian, si Kapatid na Roberts, marami pang mangangaral sa buong bansa, kahit sinong mangangaral ay puwedeng pumunta, at inimbitahan silang pumunta bago ipalabas sa publiko ang pelikula, at ipinanood sa kanila ang paunang pagpapanood nun bago 'yun maipalabas sa publiko, kung kailan maniningil na sila ng dalawampu't limang dolyar bawat isang tiket. Pero siya...Napanood nila ang paunang pagpapakita nun, para makapagkomento sila ng kanilang opinyon kung mayroon bang anumang puna tungkol dun o kung anong puwedeng masabi, at kung ano pa. Napanood nga nila 'yun bago mapanood ng publiko.

132 At sinabi ni Jesus, "May ilan sa inyo na nakatayo rito" (Amen!) "ang hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan," o, "makita ang Anak ng tao na pumaparito sa Kanyang Kaharian," ang ibig kong sabihin. "Makita ang Anak ng tao na pumaparito sa Kanyang Kaharian!" Ilang araw pagkatapos nun, isinama Niya sina Pedro, Santiago, at Juan, at nagpunta sila sa itaas ng mataas na bundok, at doon ay nagbagong-anyo Siya sa harap nila. Ang araw, na nagliliwanag, hindi nga maihahambing sa damit na suot-suot Niya noon. Gaanong karaming beses nga na masusumpungan natin 'yun na patalinghaga, na tinugaygay natin 'yun sa buong Biblia!

133 Magagawa n'yong kunin ang isang teksto ng Kasulatan at ipagugnay-ugnay ang buong Biblia na lumakip sa pamamagitan nun. Siyanga, po. Wala ngang butas saanman! Ang kabuoan Nito'y nalalapatan mismo ng kapangyarihan ng Diyos. Hindi magagawa ng diyablo na makalusot papasok saanmang bahagi nito kahit gawin man niya. Ganoon nga. Hindi niya magagawang

pumasok sa mga banal na taong ito na naglagay ng kanilang patotoo roon at nanampalataya sa Kaharian ng Diyos, at kinuha ang bawat Kasulatan at nilapatan Ito ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, hinugasan Ito ng Dugo; hindi nga ito mapapasok ng sanlibutan, hindi makakapasok dito ang diyablo. Patay na sila, ang kanilang buhay ay nakakubli kay Cristo sa pamamagitan ng Tatak ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Papaanong maliligalig pa sila ng diyablo? Hmm! Hayun nga sila, sa kalagayan na ito ngayon.

134 Dito sa bahaging ito, pagkatapos, nakita niya ang Pagparito, o ang paunang pagpapasilip. At ano ang una, na nakita . . . bagay na nakita niya? Ang unang bagay na nakita niya sa naturang Pagparito ay si Moises, na kumakatawan sa mga patay nang mga banal na bubuhaying mag-uli. Si Elias ay nakatayo rin dun.

135 Oh, nais kong pansinin n'yo kung anong mangyayari. Naroon si Moises, unang-una; 'yun ang lahat na anim na kapanahunang ito na natulog, anim na kapanahunan ng iglesya. Hindi lang 'yun, haya't si Elias ay naroon din; ang mensahero sa huling araw, sa grupong ito, ng mga pinagbagong-anyo, ang mga Inagaw. Amen! Iyon sa hinaharap; na hinihintay ang Pagparito.

136 At lahat sila'y ano ang . . .? Lahat sila'y nagtipon kasama Siya. Oh, grabe! Ano 'yun? Ang Kanyang pangako kay Pedro, Santiago, at Juan, ay natupad nga. Ganoon nga. Dahil sinabi Niya, "May ilan na nakatayo rito na hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Anak ng tao na pumaparito sa Kanyang Kaharian," at nasaksihan nila ang paunang pagpapasilip nito. At pagkatapos nito, matapos ang pagbangong mag-uli . . .

137 Nais kong dalhin kayo sa isa pang bagay; matapos na si Jesus ay mamatay, mailibing, diyan sa San Juan 21:20. May ilang kritiko na nagpasimula nito noong sinaunang panahon. Habang nandito tayo sa aralin na ito, liwanagin natin mismo. Sa San Juan 20:21, nakatagpo ni Jesus ang Kanyang mga alagad, pinakain sila ng isda at tinapay na nasa ibabaw ng apoy. At habang paparating sila sa pampang, humilig si Juan sa Kanyang dibdib; at tinanong ni Pedro ang katanungan na ito, sabi, "Ano kaya ang mangyayari sa lalaking ito?" Iniibig ni Jesus si Juan, si Juan ay isang lalaki ng pag-ibig. At sabi ni Pedro, "Ano kaya ang mangyayari sa lalaking ito? Ano kaya ang magiging kalagayan niya? Ano kaya ang magiging hinaharap niya?"

138 At sinabi ni Jesus sa kanila, "Ano nga sa iyo kung siya'y manatili hanggang sa Ako'y pumarito, hanggang sa Ako'y magbalik? Ano sa iyo?"

139 At nagkamali nga ang mga alagad, sinabi nila na "sinabi raw ni Jesus na—na—na 'mabubuhay ang lalaking ito hanggang sa Pagparito.'"

140 Pero si Jesus ay hindi nagkamali. Dito mismo sa Apocalipsis, sa ika-4 na kabanata, tinupad ni Cristo ang Kanyang Salita! Dinala Niya si Juan paitaas sa Langit at paunang pinasilip ang buong bagay sa kanya. Maluwalhati! Kanyang—kanyang nakita ang paunang pagpapasilip. Nakita niya mismo ito na parang nabuhay siya sa lupa at nasaksihan ang buong mga kapanahunan ng iglesya na dumaan, hanggang sa pagparito ng Panginoon, ang buong Aklat ng Apocalipsis. Oh, ang ganda!

141 Nakita n'yo na kung gaanong hindi nabibigo ang Kanyang mga pangako? Ngayon, kayo'y pinili. . .na gawin 'yun ni Santiago; ni Juan, o sinuman sa kanila; ni hindi pinakita kay Pablo, o pinasabi ito, hindi talaga.

Ang sabi Niya, "Ano ito sa iyo kung siya'y manatili hanggang sa Ako'y dumating?"

142 At yamang sinabi nila ito, Kanyang pinili mismo si Juan at dinala siya paitaas at ipinakita sa kanya ang buong bagay bago mamatay si Juan, na parang nabuhay siya mismo sa lahat na kapanahunan na 'yun. Talagang ipinakita sa kanya kung anong mangyayari! (Kapatid na Pat, hindi ba't kahanga-hanga 'yun?) Oh, kita n'yo, kinuha nga siya paitaas. Dito mismo, sa ika-4 na kabanata at ika-2 talata, haya't pinapatunayan ito. "Kanyang ipinakita sa kanya ang mga bagay sa nakaraan, ang ngayon, at ang bagay na darating." Kanyang ipinakita sa kanya ang kapanahunan ng iglesya, ang pagparito ng mga Judio, ang pagbubuhos ng mga salot, ang Pag-agaw, ang muling Pagparito, at ang Milenyum, at ang Walang Hanggang Tahanan ng Kanyang mga Niligtas; na para bang nabuhay siya mismo sa buong panahon na 'yun, at nakita niya ang lahat na maganap. Kita n'yo? Kita n'yo? Kanya mismong kinuha siya paitaas at ipinakita sa kanya ang—ang—ang mismong pelikula na Siya'y babalik, ipinakita mismo sa kanya ang buong bagay na paunang ipinasilip. Oh, grabe!

143 Siya'y inakyat paitaas. Tinupad ang Kanyang pangako sa—sa Apocalipsis 4:2. Bago siya mamatay siya'y dinala paitaas sa Espiritu at nakita ang mga bagay-bagay na animo'y namuhay siya roon. Nakita niya—nakita niya ito na buong paunang pinasilip. Kaya nasaksihan niya, sa isang pangitain, kung ano mismo ang mangyayari at kung ano ang nangyari sa lupa mula noong panahon na 'yun hanggang sa pagparito ng Panginoong Jesus. Ipinakita ito sa kanya sa pangitain.

144 Kaya pagkatapos ang mga alagad. . .o walang nagsabi kailanman na sinabi ni Jesus na Siya'y darating sa kapanahunan na 'yun. Ang sinabi Niya, "Ano ito sa inyo kung, (ganoon nga), kung siya'y mananatili hanggang sa Ako'y dumating?" Pagkatapos Kanyang kinuha siya paitaas at paunang pinasilip ang bagay na 'yun sa kanya at ipinakita sa kanya kung

anong mangyayari. Oh, talagang gustung-gusto ko ’yun. Hmm. Oh, grabe!

145 Pansinin n’yo ngayon, tingnan natin kung ano ito:

> *At pagdaka’y napasa espiritu ako: at, narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at may isang nakaupo* sa ibabaw nito, sa ibabaw *ng luklukan.*

146 May isang “Tinig” na tumawag sa kanya. Oh, ang Tinig na ’yun! Oh, hindi ako makaalis diyan, sa Tinig na ’yun ng Isa na nasa likuran ni Juan. Pagkatapos tumingin si Juan sa paligid doon, at ipinakita ni Jesus sa kanya ang lahat na kapanahunan ng iglesya, dahil siya’y nakatayo *sa* mga kapanahunan ng iglesya, ang pitong kandelerong ginto. Pagkatapos narinig niya ang Tinig na ’yun pagkatapos na ang mga kapanahunan ng iglesya’y matapos; ang Tinig na ’yun ay umalis sa lupa’t, pumaitaas. Noong naroon na si Jesus sa Kaluwalhatian, narinig Siya ni Juan na nagsasabi, “Umakyat ka rito! Ipakikita Ko sa iyo kung anong mangyayari pagkatapos.” Oh, grabe!

147 Ang Tinig na ’yun! Sige’t pag-usapan natin ang tungkol sa Tinig na ito pansumandali; may ilang mga Kasulatan akong nailista rito. Dumako po tayo sa Unang Mga Taga-Tesalonica 4, at pakinggan n’yo dito kung ano ang sasabihin ng Tinig na ito. Oh, alam na natin ang sasabihin Nito, nang hindi. . .bago pa natin ito basahin, hindi po ba? Alam na natin kung anong mangyayari. “Ang trumpeta ng Diyos ay tutunog at ang mga patay kay Cristo’y babangon.” Tama ba? Sa inyo po na inililista ito, sa Unang Mga Taga-Tesalonica 4:16 at 17 po, “ang Tinig,” ang Tinig na ’yun ay ang Tinig ni Cristo. Tama ba? Ang Tinig ni Cristo!

> *Sapagka’t ang. . .*pakakak *ng Dios* ay tutunog, *at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli:*
>
> *. . .tayong nangabubuhay na nangatitira ay aagawing kasama nila. . . upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at* magpakailanman *na sasa Panginoon tayo.*

148 Ang siya ring Tinig na tumawag kay Juan na, “Umakyat ka rito,” ang siya ring Tinig na nagsabi kay Juan na, “Umakyat ka rito,” ay ang siya ring tinig na tatawag sa Iglesya balang araw (Amen!), tatawagin ang Iglesya.

149 Mangyari rin, na ang siya ring Tinig na tumawag kay Juan paitaas, ay ang siya ring Tinig na tumawag sa patay na si Lazaro na lumabas sa libingan, ang siya ring Tinig ng arkanghel. Si Cristo ang Tinig ng arkanghel, “Ang Tinig ng arkanghel,” kita n’yo. Oh, ang trumpetang Tinig ni Cristo na tumawag kay Juan na umakyat paitaas, ay ang siya ring Tinig na tumawag noon kay Lazaro. Napansin n’yo ba sa libingan ni Lazaro, Siya’y nagsalita sa pamamagitan ng isang malakas na Tinig. (Hindi lang basta

nagsabi, "Lazaro, lumabas ka.") "*Lazaro, lumabas ka*!" Tinawag siya Nito mula sa patay.

150 At sumagot siya, "Heto po ako." At siya'y nagbangon mula sa patay, matapos na siya'y patay na't ang kanyang katawan ay nabubulok na noon.

151 Ang siya ring Tinig na 'yun ang nagsabi kay Juan, "Umakyat ka rito, ipakikita Ko sa iyo ang mga bagay na napipintong mangyari."

152 Ang siya ring Tinig na 'yun ang tutunog kapag ang mga patay kay Cristo'y babangon, "Sapagkat ang trumpeta . . . " Ang trumpeta! Ano ba ang trumpeta? Ang Tinig ni Cristo, ang siya ring Isa na tumunog at tinawag si Juan paitaas. Narinig niya ang Tinig na gaya ng isang trumpetang tumutunog at nagsabi, "Umakyat ka rito!" Nakita n'yo na kung paano mangyayari ang pagkabuhay na mag-uli? Yun po'y sa isang iglap, sa isang kisap-mata. Ang maliwanag na Tinig na 'yun, at Kanyang tatawagin ang Iglesya, tatawagin "Lumabas kayo riyan." Ang malakas na tumatawag na Tinig. Diyos, tulungan Mo po ako na marinig Ito sa araw na 'yun.

153 Gaya ng madalas kong sinasabi . . . Alam ko, bilang isang mortal, Rodney, alam ko na may isang malaki't madilim na pinto na nakalagay na sa harapan ko, na ang tawag ay kamatayan. Sa tuwing ang puso ko'y pumipintig, ako'y isang pintig na papalapit sa pintuan na 'yun. Isa sa mga araw na ito ay sasapit ako roon. Pero ayaw kong dumako roon na gaya sa isang duwag, na humihiyaw at nagsisisigaw. Nais kong tumungo roon, na binabalot ang aking sarili sa mga balabal ng Kanyang katuwiran, na nababatid ito: na nakikilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli; na isang araw kapag Siya'y tatawag na, ako'y babangon mula sa mga patay; kapag tinawag na Niya ako na magpakita sa Itaas, kapag ang trumpeta ng Diyos ay tutunog at ang mga namatay kay Cristo ay babangon, haya't kung ako naman ay buhay pa, ako'y mababago sa isang iglap, sa isang kisap-mata, at aagawin kasama ng iba pa sa kanila, paitaas para salubungin ang Panginoon sa himpapawid. Ang trumpetang Tinig na 'yun, na ang tunog ay malinaw, na malakas. Hmm. Oh, 'yun nga'y magiging ganoon din, ganoon din sa Kanyang Pagparito.

154 Wala ngang di-katiyakang tunog ukol Dito. Wala ngang bagay na di-tiyak kay Juan noong marinig niya ang Tinig na 'yun na nagsabi, "Umakyat ka rito!" at siya'y umakyat nga. Amen.

155 Noong si Lazaro, sa patay, sa libingan; at ang kanyang kaluluwa, apat na araw na noon sa paglalakbay sa kung saang dako, hindi ko alam kung saan, sa palagay ko'y wala sa ating nakakaalam. Saan man 'yun, hindi 'yun mahalaga. Siya'y tumawag lang nang isang beses sa isang lalaki na 'yun na ang mga uod ay kinakain na ang kanyang katawan; namamaho na't,

nasa libingan. Ang maliwanag na tunog na ’yun ng Trumpeta’y nagsabi, “Lazaro, lumabas ka!” Doon nga’y isang lalaki, na patay na’t nabubulok na, pinagpagan ang sarili’t lumabas ng libingan, na naglalakad. Wala ngang di-tiyak ukol dun, mayroon ba, mga kapatid? Wala talagang di-tiyak doon!

156 Ganoon din ito sa gabing ito, kapag ang maliwanag na tunog na Tinig ay magsasabi, “Makasalanan, magsisi ka, ika’y pagkakalooban Ko ng Buhay na Walang Hanggan.” Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Yun ang mga pagtawag. Wala ngang di-tiyak sa bagay na Ito.

157 Ako’y isang saksi na Ito’y totoo. May iba pang mga saksi, milyun-milyon sila sa buong mundo ngayon, na saksi na ito’y Katotohanan. Sa pagdating ng Biblia, ang mga Salita ng Diyos, ang bawat Salita ng Diyos ay isang trumpeta. Bawat tunog ng Salita’y isang trumpeta, ang Ebanghelyong trumpeta. At kapag Ito’y tutunog, ito’y ang Katotohanan. Kapag sinabi Nito, “si Jesus Cristo, ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” wala ngang di-tiyak sa bagay na Iyon. Siya’y siya rin! Siyanga, po.

158 “Mangagsisi kayo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, matatanggap ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Wala ngang anumang bagay na di-tiyak ukol Doon.

159 “Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan. Ang sumasampalataya sa Akin, kahit siya’y patay ay siya’y mabubuhay. Ang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na kailanman mamamatay. Sinasampalatayanan mo baga ito?” Wala ngang anumang bagay na di-tiyak tungkol Doon, “Siya’y mabubuhay!”

160 “Ang kumakain sa aking laman at umiinom sa aking Dugo ay may Buhay na Walang Hanggan, at Aking ibabangon siyang muli sa huling araw.” Wala ngang anumang bagay na di-tiyak Dito; wala; Ito’y isang tiyak na tunog mismo.

161 Oh, napagkikilala ko Ito, narinig ko Ito noon na tumunog sa aba kong Irlandes na puso noong araw, sa akin, na isang munti’t abang makasalanan. Papaanong gumawa ito sa akin? Pero naniniwala ako na Ito’y isang tiyak na tunog, akin Itong tinanggap. Ako’y isang saksi na Ito’y totoo.

162 Darating ang araw na Siya’y tatawag muli, tayo’y aalis na dito sa mundo. Dahil walang di-katiyakan sa trumpeta na *’yun*. Siyanga, po. Siyanga po, walang di-tiyak na tunog, ano’t anuman.

163 Siya’y nagpapatunog ngayon sa Kanyang pagtawag sa atin, ito’y siya ring ganoon sa tuwing Siya’y nagsasabi sa atin ng anumang bagay.

164 Ngayon, balikan natin ang talata:

> *At* isang. . .*narito, may isang luklukang nalalagay sa langit,* (ika-2 talata) *at may isang nakaupo* rito.

165 Pansinin n'yo, "ang Luklukan," Siya'y nakaupo sa Luklukan. Wala na Siya roon sa mga kandelero sa panahong 'yun, sa lupa. Natapos nang dumating ang Pag-agaw. Siya'y nasa Kaluwalhatian na't, nakaupo sa Kanyang Luklukan. Nais kong pansinin n'yo rito sa ibaba, makikita natin 'yun maging sa ika-5 kabanata, na hindi 'yun ang Luklukan ng awa. Hindi na 'yun Luklukan ng awa, 'yun nga'y Luklukan na ng paghatol. Hindi 'yun Luklukan ng awa, 'yun nga'y Luklukan ng paghatol dahil may apoy at kidlat at mga kulog na nanggagaling mula roon; wala na nga, tapos na ang awa, tapos na ang kapanahunan ng Iglesya. "Siya na marumi ay magpakarumi pa; siya na banal ay magpakabanal pa; siya na banal ay banal pa rin," hindi na isang Luklukan ng awa.

166 Ngayong gabi, ang Dugo'y nakalapag doon sa Luklukan at ito'y isang luklukan ng awa para sa bawat makasalanan na naghahanap ng kaawaan. Pero sa araw na 'yun, hindi na 'yun magiging luklukan ng awa, ito'y magiging luklukan ng paghatol na may isang galit na Diyos na nakaupo roon. "Saan. . .Kung ang matuwid ay bahagyang makaliligtas, saan na kaya magsisiharap ang mga masasama't makasalanan?" Mangyari nga na sa pagparito Niya sa mga ulap ng Kanyang kaluwalhatian, ang mga bundok ay susubok maghanap ng isang dako para pagtaguan. Saan *tayo* n'yan lalagak, kung ganoon?

Oh, ang agos na 'yun ay katangi-tangi
Na pinagigi akong puti gaya ng niyebe;
Wala akong ibang bukal na napagtatanto,
Walang iba kundi ang Dugo ni Jesus.

167 Oh, grabe, grabeng aralin! Wala talagang di-tiyak na tunog! At ang Kanyang Luklukan:

> . . .*at* Siya'y *nakaupo sa* Kanyang *luklukan.* (Wala na Siya rito.)

168 Ngayon, iba ngang bagay 'yan, ito'y patunay na ang Iglesya'y inagaw na paitaas bago ang Malaking Kapighatian. Kita n'yo? Bakit? Heto Siya na nasa Luklukan ng Kaluwalhatian, at ang Iglesya'y umalis na, at pagkatapos ay darating na ang Kapighatian.

169 Lagi kong sinasabi na noong panahon ni Noe, si Noe ay nasa loob na ng daong bago may bumagsak na isa mang patak ng ulan. Si Lot ay nakaalis na ng Sodoma bago pa bumagsak ang apoy. At ang Iglesya'y paroroon sa Kaluwalhatian bago babagsak ang atomika. Ganoon nga, bago bumagsak ang atomika.

170 Sasabihin n'yo, "Papaano naman doon noon sa una?" Yun nga'y sumapit sa mga pagano, hindi sa mga Cristiano.

171 Ngayon, pansinin n'yo. Oh! Kanyang tinapos ang Kanyang gawa sa lupa at dinala Niya ang Kanyang Iglesya, at sa panahong 'yun Siya'y nagpapadala ng kahatulan. Tinanggihan Siya ng mundo, at Siya'y magpapadala ng Kanyang paghatol. Siya at ang Kanyang Iglesya'y umalis na patungo sa Kaluwalhatian.

172 Si Juan, doon sa pulo ng Patmos, na isang tagapaghayag sa iglesya, ay tipo sa tuwina ng Iglesya na iniangat patungo sa Kaluwalhatian, "Umakyat ka rito!" Ipinapakita . . .

Sasabihin n'yo, "Nirerepresenta ba niya ang Iglesya?"

173 Sa bawat isa na pinakikinggan ang Salitang ito, nirerepresenta siya ni Juan. Amen! Si Juan ay inirepresenta ang Dugo ni Jesus Cristo, ang patotoo sa Salita. Isa siyang saksi ng bautismo ng Espiritu Santo, na may personal na pakikiisa kay Cristo, at kanyang nirerepresenta ang buong Iglesya; na, bawat lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae na sumasampalataya kay Cristo, na tinatanggap Siya sa siya ring mga batayan, haya't siya'y tatawagin balang araw, "Umakyat ka rito!" aagawin paitaas bago ang Kapighatian. Alalahanin n'yo, ang panahon ng Kapighatian ay hindi pa umiiral.

174 Ganito 'yung panahon, na iiral ang paghatol. Ipinapakita ngayon kay Juan kung anong mangyayari pagkatapos ng kapanahunan ng Iglesya. Kita n'yo? Kaya, ganoon nga 'yun.

175 Ngayon, pansinin n'yo uli sa ika-3 talata, o ika-2, "Isang Luklukan ang naroon sa Langit, at may Isa na nakaupo sa Luklukan." Ngayon, ang siya ring Espiritu na nasa lupa, ay umalis na at dumako sa Kaluwalhatian, at nakaupo (ang siya ring Jesus na narito sa atin ngayong gabi) sa kaawaan, ay nagtungo sa Kaluwalhatian at nakaupo sa Luklukan.

> *At ang nakaupo* sa Luklukan *ay* katulad *ng isang batong jaspe at*. . .*isang sardio: at* naliligid *ng isang bahaghari sa palibot ng luklukan,* na *tulad sa anyo ng isang esmeralda.*

176 Tatapusin ko na po rito, dahil may iba pang kapatid na lalaki na mangangaral.

Siguro'y itutuloy ko na lang ito sa umaga, dito. At kaya, "na tulad sa anyo ng isang esmeralda." Oh, ang ganda! Oh!

May mga tao sa halos buong dako,
Na nag-aapoy ang kanilang puso (Hindi ba't
  gustung-gusto n'yo 'yan?)
. . . sa pagbaba nitong Apoy noong Pentecostes,
Na naglinis sa kanila't pinaging malinis;
Oh, sa puso ko Ito'y lumalagablab,
Oh, luwalhatiin ang Ngalan Niya!
Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

177 Si Juan, ay tinawag at ipinatawag ng Panginoong Jesus, na pinangakuan ng Diyos doon noon na kanyang makikita ang

pagparito ng Anak ng tao. Si Pedro, Santiago, at Juan, at sila'y nakatayo roon, noong mangusap sa kanila si Jesus at nagsabi, "May ilan na nakatayo rito na hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa kanilang makita ang pagparito ng Anak ng tao." Hindi Niya sinabi na *lahat* ng nakatayo roon, kundi *ilan*. At sila'y nagpunta, mga ilang araw pagkatapos nun, at nakita ang pagkakasunud-sunod ng pagkabuhay na mag-uli na paunang pinasilip, at ang pagparito ng Panginoon.

178 Nirerepresenta ni Elias ang mga patay na banal. . . o ang ibig kong sabihin ay si Moises, at bubuhaying mag-uli. Si Elias naman ang rumerepresenta sa pinagbagong-anyo na grupo. Alalahanin n'yo, si Moises ang nauna, at pagkatapos si Elias. Si Elias ang magiging mensahero sa huling araw, na sa kanya't sa kanyang grupo ay darating ang pagkabuhay na mag-uli . . . o darating ang. . . buweno, darating ang Pag-agaw, ang ibig kong sabihin. Si Moises ang nagdala ng pagkabuhay na mag-uli at si Elias ang nagdala ng grupong Inagaw. At, doon, silang dalawa'y kinatawan doon.

179 At maya-maya napansin nila, at nakita nila, at ang sabi ni Pedro, "Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo. Ang ilan ay padaanin sa ilalim ng kautusan, at ang ilan ay padaanin sa ilalim ni Elias, at tayo naman (ang ilan sa kanila) ay sa daan na *ito*."

180 At habang nagsasalita sila, isang Tinig ang nagsalita at nagsabi, "Ito ang minamahal Kong Anak, pakinggan n'yo Siya." At noong tumingin sila, nakita nila si Jesus lamang, ang lahat ay tumugaygay sa Isa. Oh, at Siya ang Liwanag, ang Katotohanan, ang Daan, ang Pintuan, ang Bahaghari.

181 Oh, bukas po'y maganda ang aralin natin, loobin ng Panginoon. Bukas ay tatalakayin natin ang "mga kahatulan"; tatalakayin natin ang "batong sardio," titingnan natin kung anong nirerepresenta nito, kung anong bahagi ang ginaganap nito. At tatalakayin natin ang—ang—ang "jaspe" at kukunin natin ang. . . lahat ng iba't iba pang mga bato, at dadalhin natin ang lahat ng ito sa Ezekiel, pabalik sa Genesis, pabalik uli sa Apocalipsis, dadako sa gitna ng Biblia, paglalakip-lakipin ito, itong iba't ibang mga bato't mga kulay, at iba pa. At pagkatapos dadalhin natin ito pabalik dun at titingnan kung ito nga'y tama. Kita n'yo? Titingnan natin kung ito ba'y ang siya ring kulay at lahat, na siya rin bang bagay. At ang siya ring Espiritu Santo, ang siya ring Diyos, na ipinapakita ang siya ring mga tanda, siya ring mga kababalaghan, na ginagawa ang siya ring bagay gaya ng Kanyang ipinangako!

182 Sinabi Niya kay Pedro, Santiago, at Juan, at sa kanila na nakatayo roon, sa lahat ng Kanyang mga alagad, sinabi, "Ang ilan sa inyo ay hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Anak ng tao na paparito sa Kanyang Kaharian."

183 Sinabi kay Juan, ang sabi . . . sabi ni Pedro, "Anong gagawin Mo sa kanya? Siya . . . Ang—ang lalaking ito, anong mangyayari sa kanya?"

184 Ang sabi ni Jesus, "Ano ito sa iyo kung makita niya ang Aking pagparito?" At pinahintulot nga Niya na mabuhay ang lalaki para makita ito! Matapos na ang iba pa sa kanila'y mamatay at yumao na, si Juan ay nabuhay para makita ang pagparito ng Panginoon na paunang pinasilip sa kapangyarihan, ang buong eksena mismo mula sa panahon niya hanggang sa ang mga Kahatulan ay matapos at ang pagpasok mismo ng Milenyum. Nakita ni Juan ang bawat munting bagay tungkol dito, at ang pagtatapos ng Milenyum, at ang pagpapasimula ng Kapanahunan ng Kaharian. Kaya talagang tinutupad Niya ang Kanyang Salita, hindi ba't tinupad Niya?

185 Sige't mamarkahan natin itong ika-2 talata. Loobin ng Panginoon, magsisimula tayo sa ika-3 talata sa umaga.

Iyuko na po natin ang ating mga ulo.

186 Ilan po sa gabing ito, sa loob ng simbahang ito, ang nakakaalam na, kapatid kong lalaki, na, (kapatid na babae), na kayo'y ipatatawag balang araw, kayo man ay handa o hindi? Kayo man ay handa o hindi, kayo'y tatawagin para katagpuin ang Diyos. Ang trumpeta'y patutunugin; at kapag tumunog na ito, tutunog ito para hatulan kayo, sa dako kung saan hindi na kayo mabubuhay pang muli at kayo'y pahihirapang lubos sa isang hukay ng diyablo sa impyerno nang marahil milyun-milyong taon, o kayo'y tatawagin sa Itaas para katagpuin ang maluwalhating mga Banal.

187 Kung gaano ngang katiyak na tinupad ng Diyos ang Kanyang Salita kay Pedro, Santiago, at Juan; kung gaano ngang kasigurado na Kanyang tinupad Ito kay Juan na minamahal, ang tagapaghayag; kung gaano ngang kasigurado na Kanyang tinupad ang Kanyang pangako sa buong mga kapanahunan ng iglesya; siguradong-sigurado nga na Kanyang ipinangako sa huling mga araw na ito na Siya'y magpapadala ng isang huling ulan at dadalhin pabalik ang siya ring Espiritu na nasa Kanya noong narito pa Siya sa lupa, Magliliwanag sa oras ng gabi at ipakikita ang siya ring Kapangyarihan, ang siya ring mga tanda, at lahat na Kanyang ginawa noong panahon Niya ay Kanyang ipakikita muli sa "bukas na Pinto" na ito sa huling araw.

188 Heto nga Ito! Kamit na natin Ito sa atin ngayon, ang Espiritu Santo, si Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kayo'y . . . Ito'y nangangaral sa inyo, Ito'y nagtuturo sa inyo, Ito'y nagsisikap na ipakita sa inyo ang tama at mali. Ang Espiritu Santo Mismo ito na nangungusap sa pamamagitan ng mga labi ng tao, kumikilos sa gitna ng mga tao, nagsisikap na magpakita ng awa't biyaya.

189 At sa inyo na hindi pa Siya natatanggap, at sa gabing ito ng Bisperas ng Bagong Taon maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay sa Diyos at sabihin, "Diyos, itulot Mo po na matanggap ko ang Kapangyarihan na nakay Juan na tagapaghayag, na kapag ako'y pinatawag na'y haharap ako sa Iyo sa kapayapaan gaya ng ginawa niya"? Itaas n'yo ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Sa buong simbahan mismo. Pagpalain ka ng Diyos. "Iyo pong itulot na ako'y handa para tumugon sa pagpapatawag sa akin."

190 Makalangit naming Ama, habang ang Bisperas na ito ng Bagong Taon. . .mga dalawang oras na lang po ngayon ay ito'y matatapos na, papasok na ang isang bagong taon. Ang mga bagay na ginawa namin sa taon na ito na nagawa namin. Maraming bagay po ang nagawa ko, na, akin pong ikinahihiya; akin pong inihihingi ng tawad ang mga ito, Panginoon.

191 At napakaraming bagay na ginawa ko na hindi naintindihan ng marami sa aking mga kapatid. Marami sa mga kapatid kong lalaki sa pagmimisyon ang hindi nauunawaan kung bakit ginawa ko ang mga ito. Pero, Ama, ginawa ko ang mga ito dahil ako'y pinangunahan na gawin ang mga ito. Dalangin ko, Ama, na hindi Mo po ako kailanman ibubunsod na mahiya sa pangunguna na ito. Bagkus ay pangunahan Mo pa ako, Panginoon, na magpatuloy na gumawa sa kung papaano ako pinapangunahan na gumawa. Iyo pong tulungan ako, Diyos, dahil taimtim kong minimithi na malaman ang Iyong kalooban, nang sa gayon ay magawa ko ito para dalhin (gaya ng Iyong ipinakita sa akin maraming mga taon na ang nagdaan noong umalis ako sa iglesyang ito) ang Tinapay ng Buhay para sa mga tao ng mundo. Noong makita ko ang dakilang bundok na 'yun ng Tinapay, at ang mga nadadamitan-ng-puting mga Banal na nanggagaling sa lahat ng dako ng mundo para kainin ang Tinapay na ito ng Buhay. Oh Diyos, ibunsod Mo po ako—Oh Diyos, ibunsod Mo po ako na hindi kailanman, hindi kailanman mabigo na pakainin ang mga tao ng Tinapay ng Buhay.

192 Iyong pagpalain ang mga gutom na kaluluwa na ito na narito na nagtataas ng kanilang mga kamay sa sandaling ito ngayon. Sila'y nag-aasam ng higit pang Buhay. Dalangin ko po na Iyong pupunuin sila ng Espiritu Santo, Panginoon, ang bawat isa sa kanila. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito. Iyong pagkalooban po sila ng mga pagpapala. Iyo pong tulungan ang mga kapatiran, sa lahat ng dako.

193 Iyo pong pagpalain ang mga nagmiministeryong kapatid na lalaki na naghahanda para sumampa rito uli, ngayon sa loob ng ilang saglit, may iba pa po na magsasalita. Dalangin namin na sila'y magbibigay rin ng Tinapay ng Buhay sa gabing ito, Ama, habang kami'y makikinig nang maigi at tahimik para mapakinggan ang Tinig. Iyo pong ipagkaloob ito.

194 Iyo pong pagpalain kami. At nawa ang bagong taon na ito'y magbukang-liwayway ng mga bagong pag-asa, na maghahatid ng bagong mga diwa, bagong mga kapahayagan, bagong kapangyarihan, oh, lahat po. Nawa ito'y magpanauli muli sa amin, Panginoon, ng Iyong mga pagpapala't mga pangako. Amin pong itinatagubilin ang aming mga sarili, kalakip ang panalangin naming ito, sa Iyong mga kamay. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Salamat, mga kapatid kong lalaki't mga kapatid na babae.

195 [Nagsasalita si Kapatid na Neville: Sigurado ako na lahat tayo'y makakapagbunyi dahil hindi tayo nagmamadali at ikagagalak natin na magpatuloy pa sa pakikinig para kay Kapatid na Branham na narito ngayong gabi na inihahatid sa atin ang mensahe na ito. At ang mensahe po'y naghihikayat sa atin dahil alam natin na ang Diyos ay nasa mensaheng Ito. Amen.] Purihin ang Panginoon!

196 [At sa bagay na ipinangusap Niya na Siya ay may kakayahan mismo na ipamalas ito maging hanggang sa Kanyang pagparito muli.] Siyanga. [At Kanyang gagawin ito, hindi lang 'yun, haya't madalas kong sinasabi ito na . . . sinasabi natin maraming beses sa mga tao, "Kayo ba'y sumasampalataya na magagawa kayong pagalingin ni Jesus Cristo?" at, siyanga't, kadalasan ay maibubunsod mo sila na sumang-ayon dito. Pero ang mahalaga nga rito, "Kayo ba'y sumasampalataya na mapapagaling Niya kayo *ngayon* mismo?"] Amen! [Mangyari nga na kung minsan sinasabi ng mga tao, "Buweno, di ko alam."]

197 [Ang ginang na kamamatay lang sa ospital, nagpunta kami para dalawin siya, sabi, "Kapatid na babae, sumasampalataya ka pa rin ba na si Jesus ay makakapagligtas?"]

[Sabi niya, "Opo, sumasampalataya po ako."]

[Sabi ko, "Sumasampalataya ka ba na si Jesus Cristo ay nakakapagpagaling?"]

[Sabi niya, "Opo, ginoo, sumasampalataya ako."]

[Sabi ko, "Sumasampalataya ka ba na Kanyang pagagalingin ka ngayon mismo?"]

[Sabi niya, "Yan po ang di ko alam."]

[Tapos sabi ko, "Kapatid na babae, malalaman mo ito dahil ang pangako ay sa iyo."] Amen! [Amen. Siya'y nangako na mismo.]

198 [Ngayon, habang makikinig pa tayo sa isa pa sa mga kapatid na lalaki natin dito. May ilan po tayo sa palibot at itong . . . Sa Bisperas ng Bagong Taon na ito, wala po tayong paunang inihandang programa, nagtipon-tipon lamang tayo at hinahayaan ang Diyos na kumilos habang Siya ang nagdidirekta at nangunguna.] Amen! [At alam n'yo, matagal-tagal na rin mula ng makapakinig tayo mula kay Kapatid na Pat Tyler at

magbigay siya ng kanyang patotoo o kung anuman na inilagay ng Panginoon sa puso niya. At sige't hihilingin natin kay Kapatid na Pat na ihatid ang anumang bagay na inilagak ng Diyos sa kanyang puso.]

199 [Pero bago siya umakyat, ang isang mainam na Cristianong kapatid sa likod diyan, si Kapatid na Randall Hyman, at nandito siya at siya'y may talento para sa Panginoon sa pag-awit at alam n'yo 'yan, gustung-gusto ko nga na nagagamit niya ang kanyang talento para sa Kaluwalhatian ng Diyos, kaya hinihiling ko kay Kapatid na Randall kung maaari siyang pumarito at umawit para sa atin. Umawit na siya noon para sa atin nang isa o dalawang beses dito at hinihiling ko sa kanya na gamitin ang kanyang talento uli ngayong gabi para sa Panginoong Jesus, kung mamarapatin niya. Sige't kung makalalapit na siya ngayon para umawit sa atin. May mga maliliit siyang anak diyan sa likod na tumutulong siya sa pag-aalaga, pero marahil puwede niya munang iwanan ngayon para pumarito at umawit para sa atin.]

200 [Habang papalapit siya, nandito rin si Kapatid na Kinder sa likod dito, ang minamahal na kapatid na Pentecostal, nagagalak tayo para sa kanya. At nandito rin si Kapatid na J. T. Parnell sa likod diyan sa kung saan, sa palagay ko nakaupo siya rito sa labas ng hanay. At talaga pong nagagalak ako para sa lahat ng maiinam na mga Cristianong kapatid na ito,] Si Beeler din diyan. [mga kapatid na lalaki sa pananampalataya. At sige't tingnan natin,] *Nandiyan* si Kapatid na Beeler sa likod. [Si Kapatid na Beeler ay *nandito* rin pala sa likod, hayan nga. Sige. Nandito si Kapatid na Beeler at . . .—Pat.]

*Apocalipsis, Ikaapat Na Kabanata Bahagi I* TAG60-1231
(Revelation, Chapter Four Part I)
Serye ng Ang Kapahayagan Ukol Kay Jesus Cristo

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Disyembre 31, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org